FILIPINO BAITANG 7

MODYUL BLG. 1: **MGA AKDANG PAMPANITIKAN: SALAMIN NG MINDANAO (PABULA, EPIKO, DULA, KUWENTONG BAYAN AT MAIKLING KUWENTO)**

**Panimula at mga Pokus na Tanong**

Mindanao. Marahil maraming bagay ang papasok sa iyong isipan kung maririnig ang salitang Mindanao. Ngunit gaano nga ba ang iyong alam sa Mindanao?

Maraming panitikan ang inilimbag at inilathala na naging bahagi na ng kamalayang Pilipino. Ngunit tulad ng nakasulat sa kasaysayan ng Pilipinas,hindi ganap ang pagsasalaysay sa kahalagahan ng lahat ng bahagi ng bansa, maraming bagay pa ukol sa Mindanao ang hindi batid ng marami: kasaysayan, kultura at panitikan.

Sa modyul na ito, matututuhan mo ang mga panitikang Pilipino mula sa Mindanao. Sa pag-aaral ng mga panitikang Mindanaoan, inaasahang higit mong mauunawaan at mapahahalagahan ang iyong pagka-Pilipino.

Sa mga aralin at gawain sa modyul na ito, dapat na masagot mo ang mga tanong na ito:

1. ***Papaano magiging makabuluhan para sa mga Pilipino na pag-aralan ang mga panitikan ng Mindanao bilang bahagi ng panitikang Pilipino?***
2. ***Bakit mahalaga para sa mga Pilipino na alamin at makialam sa usapin ng Mindanao?***

**Saklaw ng Modyul**

Sa modyul na ito, mabibigyang-tugon ang mga tanong na nabanggit kapag pinag-aralan mo ang sumusunod na mga aralin:

| **Aralin Blg.** | **Pamagat** | **Matutuhan mo ang…** | **Bilang ng Oras/ Sesyon** |
|---|---|---|---|
| Aralin 1 | **Panitikan**: *Lalapindigowa-i: Kung bakit maliit ang beywang ng putakti* (Pabula)<br>**Wika**: Ekspresyong Nagpapahayag ng Posibilidad | • Nahihinuha ang kalalabasan ng mga pangyayari batay sa akdang napakinggan.<br>• Natutukoy at naipaliliwanag ang mahahalagang kaisipan sa binasang akda. | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | • Nailalarawan ang isang kakilala na may pagkakatulad sa karakter ng isang tauhan sa napanood na *animation.*<br>• Naibabahagi ang sariling pananaw at saloobin sa pagiging karapat-dapat/ di karapat-dapat sa paggamit ng mga hayop bilang mga tauhan sa pabula.<br>• Naipahahayag nang pasulat ang damdamin at saloobin tungkol sa paggamit ng mga hayop bilang mga tauhang nagsasalita at kumikilos na parang tao o vice versa.<br>• Nagagamit ang mga ekspresyong naghahayag ng posibilidad (maaari, baka, at iba pa).<br>• Naisasagawa ang sistematikong pananaliksik tungkol sa pabula sa iba't ibang lugar sa Mindanao. | |
| Aralin 2 | **Panitikan**: *Indarapatra at Sulayman* (Epiko)<br>**Wika**: Pang-ugnay na Ginagamit sa Pagbibigay Sanhi at Bunga | • Nakikilala ang katangian ng mga tauhan batay sa tono at paraan ng kanilang pananalita.<br>• Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.<br>• Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga simbolong ginamit sa akda.<br>• Nagagamit nang wasto ang mga pang-ugnay na ginagamit sa pagbibigay ng sanhi at bunga ng mga pangyayari | |


| | | | |
|---|---|---|---|
| | | (sapagkat, dahil, kasi, at iba pa).<br>• Nagsasagawa ng panayam sa mga taong may malawak na kaalaman tungkol sa paksa. | |
| Aralin 3 | **Panitikan**: *Arkat a Lawanen* (Dula)<br>**Wika**: Mga Pangungusap na Walang Tiyak na Paksa | • Nailalarawan ang paraan ng pagsamba o ritwal ng isang pangkat ng mga tao batay sa dulang napakinggan.<br>• Nasusuri ang pagkamakatotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan.<br>• Nagagamit sa sariling pangungusap ang mga salitang hiram.<br>• Nagagamit ang mga pangungusap na walang tiyak na paksa sa pagbuo ng patalastas.<br>• Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan sa panahong isinulat ang akda at ang mga epekto nito matapos maisulat hanggang kasalukuyan.<br>• Naililipat sa isang grapikong organayser ang mga impormasyong napakinggan o nabasa (transkoding).<br>• Nakapangangatwiran ang napiling alternatibong solusyon o proposisyon sa suliraning inilahad sa teksto. | |
| Aralin 4 | **Panitikan**: Manik Buangsi (Kuwentong Bayan)<br>**Wika**: Pahayag na Nagpapatunay | • Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong bayan batay | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan.<br>• Naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa.<br>• Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng salita ayon sa gamit sa pangungusap.<br>• Nasusuri gamit ang *graphic organizer* ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan.<br>• Naibabalita ang kasalukuyang kalagayan ng lugar na pinagmulan ng alinman sa mga kuwentong-bayang nabasa, napanood o napakinggan.<br>• Naisusulat ang mga patunay na ang kuwentong-bayan ay salamin ng tradisyon o kaugalian ng lugar na pinagmulan nito.<br>• Nagagamit nang wasto ang mga pahayag sa pagbibigay ng mga patunay.<br>Nailalahad ang mga hakbang na ginawa sa pagkuha ng datos kaugnay ng isang proyektong panturismo. | |
| Aralin 5 | **Panitikan**: *Regalo* (Maikling Kuwento)<br>**Wika**: Mga Retorikal na Pang-ugnay | • Naisasalaysay ang buod ng mga pangyayari sa kuwentong napakinggan.<br>• Naiisa-isa ang mga elemento ng maikling kuwento mula sa Mindanao. | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | • Natutukoy at naipaliliwanag ang kawastuan/kamalian ng pangungusap batay sa kahulugan ng isang tiyak na salita.<br>• Nasusuri ang isang dokyu-film o freeze story.<br>• Naisasalaysay nang maayos at wasto ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.<br>• Naisusulat ang buod ng binasang kuwento nang maayos at may kaisahan ang mga pangungusap.<br>• Nagagamit nang wasto ang mga retorikal na pang-ugnay na ginamit sa akda (kung, kapag, sakali, at iba pa).<br>• Naisasagawa ang sistematikong pananaliksik tungkol sa paksang tinalakay.<br>• Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan sa panahong isinulat ang akda at ang mga epekto nito matapos maisulat hanggang kasalukuyan.<br>• Naililipat sa isang grapikong organayser ang mga impormasyong napakinggan o nabasa (transkoding).<br>• Nakapangangatuwiran ang napiling alternatibong solusyon o proposisyon sa suliraning inilahad sa teksto. | |

## Concept Map ng Modyul

Kapaki-pakinabang ang pagbibigay-pansin mo sa binuong mapa ng mga aralin na pag-aaralan mo sa modyul na ito.




## Inaasahang mga Kasanayan

Upang mapagtagumpayang masagutan ang aralin at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Naipaliliwanag ang mahahalagang kaisipan sa binasang akda.
2. Nailalarawan ang mga tauhan sa napanood na *video*.
3. Nailalahad ang sariling pananaw at saloobin sa paggamit ng mga hayop bilang mga tauhan sa pabula.
4. Naipahahayag ang damdamin at saloobin sa pamamagitan ng pagsulat sa mga binasang akda.
5. Nagagamit ang mga aralin sa gramatika sa mga pang-komunikatibong gawain.
6. Nakapananaliksik tungkoll sa iba’t ibang anyo ng panitikan mula sa iba’t ibang lugar sa Mindanao.
7. Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.
8. Nakapagsasagawa ng panayam.
9. Naipaliliwanag ang kaligirang panlipunan ng mga naisulat na akda at mga epekto nito sa kasalukuyang panahon.

SUSUNOD

**PANIMULANG PAGTATAYA**

Panahon na upang tuklasin natin kung gaano kalawak ang iyong kaalaman at pag-unawa sa modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot mo sa sumusunod na mga tanong.  Sagutin ang lahat ng aytem. Pagkatapos masagot ang panimulang pagtatayang ito, malalaman mo ang iyong iskor. Pagkatapos masagutan at maiwasto ang mga ito, isaalang-alang ang mga naging kamalian at tuklasin ang tamang sagot sa mga ito habang pinag-aaralan ang modyul.

Kung handa ka na upang sagutin ang panimulang pagtataya ng araling Ito, i-klik ang SIMULA.

**SIMULA**

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Paano sinasalamin sa epiko ang tradisyong Mindanao?

   a. Patunay ito na marahas ang mga mamamayan sa Mindanao.
   b. Nakakatakot ang Mindanao dahil maraming halimaw na kumakain ng tao.
   c. Ipinapakita nito ang kasanayan ng mga taga-Mindanao sa pakikidigma.
   d. Noong unang panahon, pinamamahayan ng maraming halimaw sa Mindanao.

2. Anong elemento ng kuwento ang binibigyang-tuon sa talata sa ibaba?

   Lumipas ang ilang buwan at lumala ang panghihina ng matandang ina hanggang sa tuluyan nang magkasakit. Kaya't dinagdagan pa niya ang kanyang pagsisikap para maipagamot ang kanyang mahal na ina. Ngunit anumang sigasig niya'y di pa rin magkasiya ang kanyang kita para sa pagpapagamot sa Nanay.

   a. tauhan
   b. kasukdulan
   c. suliranin
   d. banghay

3. Alin sa sumusunod ang pangungusap na walang tiyak na paksa?

   a. Nagpunta siya sa palasyo.
   b. Uulan na naman?
   c. Maraming tao ang umasa.
   d. Ako ay mamamasyal.

4. Ano ang ipinahihiwatig sa ibaba nang nagpahayag?
“Hindi ka dapat magtiwala sa asawa mo,” sabi ng isa kay Tuan Putli. “Maaaring isa lamang siyang espiritu!”

a. Nasa panahon sila na may malalim na paniniwala ukol sa mga engkanto.*
b. Nasa panahon sila na talamak na ang pangangaliwa ng mga bana.
c. Nasa panahon sila na unti-unting lumalim ang inggitan.
d. Nasa panahon ito ng paglalaban ng paniniwala at pag-ibig.

5. Ano ang mahalagang kaisipan ng teksto sa ibaba?

Pagkaraan ng maraming araw at buwan ng paghahatid ng pagkain, nagsawa ang mga asawa ni Lalapindigowa-i. Sa daan papuntang bukid, nagalit si Odang at tumangging magdala ng pagkain. Si Orak ay ayaw ding maghatid ng pagkain. Nagalit si Odang at nagsimula itong magdadadamba hanggang sa ito’y mahulog sa kaserola at magkulay pula ang balat. Naawa si Orak kay Odang dahil ito ay naluto kaya’t ipinaghele niya ito. Sa di sinasadya, tumama siya sa bunganga ng kaserola at siya’y naluto rin.

a. Nasa Diyos ang awa nasa tao ang gawa.
b. Walang nakaaabot sa dulo ng buhay nang buhay.
c. Ikaw rin ang maaapektuhan ng sarili mong kabuktutan.
d. Sa anumang problema, higit na nakagagaan kung may kasama.

6. Ano ang katangian ng ahas sa kanyang pahayag?
“Tinalo mo ako, kaibigan! Paanong nangyari iyon?” tanong ng ahas sa pagong.

a. mapagduda
b. mapagkumbaba
c. mayabang
d. mandarambong

7. Alin sa sumusunod ang lohikal na takbo ng mga pangyayari sa ibaba?
1) Hinigpitan ng putakti ang kanyang sinturon dahil sa gutom.
2) Hiniling ng putakti sa kanyang mga asawa na dalhan siya ng pagkain sa bukid.
3) May dalawang asawa ang putakti.
4) Nagsawa nang magdala ng pagkain ang mga asawa ng putakti.

a. 1-2-3-4
b. 3-2-4-1
c. 4-1-3-2
d. 2-1-4-3

8. Sino ang sinasagisag ni Kurita sa kasalukuyang lipunan batay sa kanyang katangian sa ibaba?
   Apat na halimaw ang doo'y nanalot. Una'y si <u>Kurita</u> na maraming paa at ganid na hayop pagka't sa pagkain kahit limang tao'y kanyang nauubos.

   a. maramot na tao
   b. pulitikong gahaman
   c. isang taong tamad
   d. makasariling tao

9. Bakit kailangang pag-aralan ng mga Pilipino ang mga panitikan mula sa Mindanao kaugnay sa pag-unawa sa mga Mindanaoan?

   a. Dahil hindi ito ganap na natatalakay sa pag-aaral ng panitikan ng Pilipinas
   b. Nang mabatid nilang tama ang kanilang persepsyon sa mga taga-Mindanao
   c. Sapagkat dumarami ang mga panitikang Mindanao na nalalathala sa kasalukuyan
   d. Upang matutuhan nila ang ugat ng mga pag-uugali ng mga tao sa Mindanao.

10. Bakit mahalagang malaman ng mga Pilipino ang buhay at kulturang Mindanao?

   a. Mababatid nila ang epekto ng digmaan sa Mindanao.
   b. Makikilala nila ang magagandang tanawin sa Mindanao.
   c. Masusuri nila ang pamamahala ng gobyerno sa Mindanao.
   d. Mauunawaan nila ang mga kababayan sa Mindanao.*

11. Paano sinasalamin ng panitikan ng Mindanao ang kahalagahan ng kababaihan?

   a. Inilalahad nito ang uri ng pamumuhay mayroon noon ang mga taga-Mindanao.
   b. Mababatid na nagiging biktima ng digmaan ang mga babae.
   c. May papel na ginagampanan ang kababaihan sa usaping pangkapayapaan sa Mindanao.
   d. Hindi nabibigyang-tuon ng kababaihan dahil pulos lalake ang namamagitan sa iba't ibang usapin sa Mindanao.

12. Bakit kailangang makialam sa usapin ng Mindanao ang mga Pilipino?

   a. Nakaaapekto ang Mindanao sa turismo at ekonomiya ng bansa.
   b. Makikilala nila ang kanilang sarili bilang salik ng pag-unlad ng Mindanao.
   c. Matututuhan nila ang iba't ibang kultura ng Mindanao.
   d. Mapayayaman ang kanilang kaalaman ukol sa Mindanao.

13. Alin sa sumusunod na kaisipan ang hindi totoo sa Mindanao?

    a. Marami itong magagandang tanawin na maaaring pasyalan.
    b. May iba't ibang kultura ang mga mamamayan dito.
    c. Pangkaraniwan ang digmaan sa lahat ng bahagi ng Mindanao.*
    d. Bunga ng mga pangyayari sa kasaysayan ang kasalukuyang Mindanao.

14. Paano nailahad sa mga akdang Mindanao na may pagkakasundo at pagkakaisa sa Mindanao?

    a. Itinatampok sa mga akda ang kultura ng mga tribo.
    b. Inilalahad ang magandang ugnayan ng mga tao sa akda.
    c. Inilalarawan ang pangarap ng isang tao na magtagumpay.
    d. May iba't ibang paniniwala't wika ang Mindanao.

15. Ginugunita ang araw ng kapanganakan at araw ng kamatayan ni Dr. Jose P. Rizal. Dahil dito, naglunsad ng *online* na patimpalak ang Jose Rizal State University. Pinili ka ng iyong paaralan upang maging kinatawan nito sa patimpalak sa pagsulat ng bayograpikal na sanaysay ukol sa pananatili ni Dr. Jose P. Rizal sa Mindanao. Alin sa mga sumusunod ang unang hakbang na dapat gawin upang makasulat ng higit na mahusay na sanaysay?

    a. Basahin at suriin ang mga akdang sinulat ni Rizal.
    b. Magbasa ng mga *online blog* ukol sa magagandang tanawin sa Mindanao.
    c. Makipanayam sa mga guro sa kasaysayan ukol sa kanilang persepsyon kay Rizal.
    d. Manaliksik ukol sa naging buhay ni Rizal sa Dapitan.

16. Alin sa mga sumusunod na katangian ng isang sulatin ang higit na makatutulong sa pagtamo ng mambabasa ukol sa mga tunguhing panturismo sa Mindanao?

    a. Ang mga inilahad na impormasyon ay may sapat na sakop na nilalaman.
    b. Nakalapaglalahad ng maraming impormasyon.
    c. Gumamit ng matatalinhagang pagpapahayag.
    d. Malikhain ang pagkakasulat sa simula at wakas ng sanaysay.

17. Paano makikintal sa susunod na henerasyon ang kakintalan ng kultura at buhay ng mga Pilipino sa Mindanao?

    a. Isulat ang mga ito bilang pagdodokumento.
    b. Ipasa ito bilang isang buhay na tradisyon.
    c. Manaliksik ukol sa kakintalan ng lahi.
    d. Pagbisita sa mga museo at *cultural heritage sites.*

18. Ikaw ay susulat ng iyong sariling akdang pampanitikan para sa isang *online* na patimpalak sa pagsulat. Ano ang dapat na isaalang-alang mo upang maging matagumpay ang iyong pagsulat?


    a. Dapat maging malikhain sa iyong pagsusulat.
    b. Magbasa ng ibang panitikan para maging huwaran.
    c. Alamin ang mga panuntunan at pamantayan sa paghusga.
    d. Isakatuparan ang pagiging malaya sa lahat ng pagkakataon.

19. Paano higit na mapababatid sa mga mambabasa ang kaisipan o diwa ng isang isinusulat na akdang pampanitikan?

    a. Dapat malikhain ang pagkasulat.
    b. May sapat na kakayahang pangwika ang manunulat.
    c. Tumutugon sa tema o paksa ng panitikan.
    d. Gumagamit ng matatalinhagang pagpapahayag.

20. Paano mo higit na mahihikayat na mamasyal sa Mindanao ang maraming tao nang mamalas nila ang kagandahan at pag-unlad ng mga bayan sa Mindanao?

    a. Bumuo ng mga sulating naglalarawan sa isang lungsod sa Mindanao.
    b. Sumulat ng *online travelogue* na nagpapakita ng mga larawan ukol sa sariling karanasan sa pagbisita sa Mindanao.
    c. Ikuwento sa mga kaibigan ang magagandang tanawing napasyalan sa Mindanao.
    d. Gumawa ng *scrapbook* ng mga larawan ng pagpasyal sa isang lungsod sa Mindanao.




**ARALIN 1:** ***Lalapindigowa-i: Kung Bakit Maliit ang Beywang ng Putakti*** (Pabula)
**Ekspresyong Nagpapahayag ng Posibilidad** (Wika)

## PAGTUKLAS

Isang masayang pagbati. Ito ang unang modyul sa Filipino sa ikapitong baitang. Sisimulan mo ang modyul na ito sa pagsuri sa sariling pananaw at kaalaman ukol sa katimugang bahagi ng Pilipinas – ang Mindanao. Mahalagang isaalang-alang sa bahaging ito ng modyul ang mga sumusunod na tanong bilang paghahanda sa iyong sarili sa mga kasunod na gawain: *Ano ang alam mo tungkol sa Mindanao? Ano-ano ang nilalaman ng mga akdang Pilipino buhat sa Mindanao?* ***Paano sinasalamin ng midya tulad ng pahayagan, telebisyon at Internet ang pangkalahatang karanasan sa Mindanao kaugnay ng mga panitikang Mindanaoan?*** *Bakit mahalaga para sa mga Pilipino na alamin at makialam sa usapin ng Mindanao?*

**Gawain 1: Impression Web**

Ilahad ang iyong impresyon sa Mindanao sa pamamagitan sa pagpuno sa apat na kahong maglalaman ng iyong pagtingin o pagkilala ukol sa Mindanao. Isulat ang sagot sa inihandang grapikong pantulong.




**ISUMITE**

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1.Ano-ano ang iyong mga alam tungkol sa Mindanao? Paano mo nabatid ang mga kaalamang ito?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

2.Ano ang sanhi ng iyong pangamba o takot ukol sa Mindanao? Bakit?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

3.Ano ang pangkalahatang pagtingin mo sa suliraning pangkapayapaan sa Mindanao? Bakit?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

4.Paano mo nakikita ang iyong sarili kaugnay ng Mindanao sa hinaharap? Bakit?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

5.Bakit kailangang makialam ang mga Pilipino sa buong bansa sa usaping pangkaunlaran at pangkapayaan sa Mindanao?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

**ISUMITE**

**Gawain 2: KWHL Chart**

Kikilatisin mo sa gawaing ito ang iyong pansariling kaalaman tungkol sa kaugalian ng mga mamamayan sa Mindanao. Punan ng impormasyon ang bahaging K, W at H lamang.

| K | W | H | L |
|---|---|---|---|
| Anong pag-uugali ng mga mamamayan sa Mindanao ang aking alam? | Anong pag-uugali ng mga mamamayan sa Mindanao ang gusto kong malaman o patunayan? | Paano ko malalaman o mapatutunayan ang pag-uugali ng mga mamamayan sa Mindanao? | Ano ang mga nalaman o natutuhan ko ukol sa pag-uugali ng mga mamamayan sa Mindanao? |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

SAVE

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nasukat mo ang iyong kaalaman at pananaw tungkol sa Mindanao sa dalawang gawaing iyong isinagawa. Nasubok mo ang iyong kakayahan sa pagpapahayag ng iyong saloobin at opinyon kaugnay ng Mindanao at inilahad mo rin ang iyong kaalaman tungkol sa mga pag-uugaling Mindanaoan. Upang higit mong makilala at makintal ang kamalayan tungkol sa Mindanao sa mga akda nito.

Dumako na tayo sa susunod na gawain.

BUMALIK SUSUNOD

## PAGLINANG

Marahil may ilang bagay pang sumagi sa iyong isipan habang kinukundisyon mo ang iyong sarili sa pag-aaral ng panitikang Piipino buhat sa Mindanao. Mahalagang natutukan mo ang dalawang gawaing iyong isinagawa sa bahaging PAGTUKLAS.

Sa bahaging ito ng modyul, layunin mong unawain ang mga kultura at karanasan ng mga taga-Mindanao sa pamamagitan ng pag-aaral ng kanilang mga pabula. Mahaharap ka sa iba't ibang mga gawaing gagabay, magpapayaman at susubok sa iyong pag-unawa at pagpapahalaga tungkol sa mga pabula mula sa Mindanao.

**Gawain 3: Pagsusuri ng Trailer ng Pelikula**

Panooring mabuti ang trailer ng pelikulang *Bagong Buwan* sa link na ito http://www.youtube.com/watch?v=v0Gj84B47kM. Bigyang-pansin ang mga kaganapan, diyalago, tagpuan at mga kaugaliang itinampok. Sagutin ang mga pamprosesong tanong matapos panoorin ang *video clip.*

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang ibig sabihin ng pahayag ng pangunahing tauhan na "Hindi lahat ng ipinaglalaban natin ay makukuha sa armas at dahas"?

2. Ipaliwanag ang pahayag na ito: "Ipagpatuloy natin ang laban sa paraang mapayapa at kung kinakailangan ay sa paraan ng digmaan."

3. Bakit sinabi sa pangunahing tauhan na "Tumalas nga ang utak mo, pumurol naman ang kaluluwa mo."

4. Ano ang ipinahiwatig ng pangunahing tauhan nang sinabi niyang "Layunin ko ang makatulong sa aking kapwa tao, Kristiyano man o Muslim"?

5. Ipaliwanag ang pahayag na: "Kung ang lahat ng batang katulad mo ay sasabak sa digmaan, ano pang mangyayari sa bansa natin?"

6. Ano ang masasabi mo tungkol sa pahayag na ito: "Hindi kami susuko kahit ilang batalyon ang ipadala nila, mga Kristiyano, mga militar, mga Pilipinong katulad n'yo"?

7. Ano ang pahiwatig ng tanong na “Bakit hindi ka ba Pilipino”?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

8. Paano mo nakikita ang mithiing pangkapayapaan sa mga huling pahayag na “Tama na!” at “Cease fire!”?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

9. Mayroong bahagi ng *trailer* kung saan ipinakikita na nagdarasal ang isang pamilyang Muslim at dalawang Kristiyano. Paano mo maiuugnay ang pananampalataya ng dalawang pangkat ng tao sa napanood na trailer?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

10. Anong impresyon ang nabuo sa iyong isipan ukol sa mga kaganapan sa Mindanao batay sa napanood mong *video clip*? Bakit?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

11. Paano mo nakikita ang Mindanao sa kasalukuyan at sa hinaharap?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

12. Ano ang iyong tungkulin kaugnay ng mga suliraning kinakaharap ng bansa kaugnay ng Mindanao? Bakit?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**ISUMITE**


**Gawain 4: Tapatan ng mga Hayop**

Natunghayan mo sa ikatlong gawain ang isang *trailer* ng pelikulang nagpapakita ng epekto ng hidwaan at digmaan sa Mindanao. Kaugnay nito, suriing mabuti ang pares ng mga hayop sa ibaba. Tukuyin kung aling pares ng mga hayop ang maaaring magkasundo o magkalamangan. Sa mga patlang sa ibabaw ng bawat pares na larawan, ilagay ang simbolong **=** kung sa palagay mo ay magkakasundo ang dalawang hayop; **>** naman kung malalamangan ng hayop sa unang larawan ang hayop sa pangalawang larawan; at **<** kung sa palagay mo ay malalamangan ng hayop sa ikalawang larawan ang hayop sa unang larawan.

________



________



________



________



________



________



ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang iyong naging batayan sa pagkilala kung aling pares ang maaaring magkasundo o magkakalamangan? Ipaliwanag.

2. Paano malalamangan ng isang hayop ang isa pang hayop sa mga pares ng larawan?

3. Paano mo nakikita ang lamangan sa lipunan sa kasalukuyan? Bakit?

4. Paano mo nakikita ang pagkakasundo sa lipunan sa kasalukuyan? Bakit?

5. Paano mo nakikita ang pagkakasundo at paglalamangan sa konteksto ng Mindanao?

**ISUMITE**

**Gawain 5: *Dear Diary***

Gumawa ng iyong sariling *account* sa http://www.my-diary.org/. Upang masubaybayan mo ang iyong sariling pag-unlad at pagpapalawak ng kaalaman, paniniwala, pag-uugali at karanasan – gagamitin mo ang *online diary* na ito na siyang magsisilbing talaan ng iyong mga natutuhan, natuklasan at napagmuni-munian. Bilang unang *entry* sa iyong *diary*, isulat mo ang iyong personal na pananaw ukol sa pagkakasundo at paglalamangan na iyong nasaksihan sa iyong tahanan, pangkat ng magkakaibigan, paaralan, simbahan, komunidad at sa lipunan sa pangkalahatan. Ipadala ang *link* ng iyong *diary entry* sa *e-mail* ng iyong guro.



Sa mga gawain sa bahaging PAGLINANG, binigyang-pansin mo ang paglalamangan. Sa bahaging ito ng modyul, makikilala mo ang kaugalian at buhay na mayroon ang mga mamamayang Pilipino sa Mindanao sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang pabula. Sagutin mo nang buong husay ang bawat gawaing inihanda upang matamo mo ang inaasahang antas ng pag-unawa sa aralin.

**TANDAAN**



**Pabula at mga Hayop sa Pabula**

Isang malikhaing paraan ng pagsasalaysay ng isang makabuluhang karanasan ang mga kuwentong pabula. Sa mga pabula, isinasalin ng may-akda ang katauhan, katangian, damdamin, katalinuhan at marami pang aspekto ng pagkatao sa mga tauhang hayop o iba pang hindi taong bagay sa mundo.

Tulad ng mga taong may iba't ibang pinagmulan at kalikasan ngunit nagkakataong magkadaupang palad, matutunghayan din sa pabula ang ilang interaksyon sa pagitan ng mga hayop na maaaring magkasundo o hindi na taliwas sa iyong inaakala.

Katulad ng maraming kuwento, ang pabula ay may mga elementong tauhan, tagpuan, suliranin, banghay at mahalagang kaisipan. Higit na napatitingkad ang kabuluhan ng pabula dahil sa mga hayop na humahalili sa tao upang mabigyang-tuon ang isang mahalagang kaisipan o ideya.

**Gawain 6: Ano Ang Iyong Tingin?**

Isulat sa mga kahon sa ibaba ang iyong pananaw ukol sa mga situwasyong inilahad. Ano sa tingin mo ang mangyayari o ano kaya ang reaksyon ng mga taga-Mindanao sa sumusunod sa sitwasyon?

**pagkakaroon ng higit sa isang asawa**

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**pagtanggap sa pagkatalo**

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**kasawian ng isang kaanak o kaibigan**

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**ISUMITE**

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang iyong naging batayan sa pagbibigay-hinuha sa mga situwasyong nakapaloob? Bakit?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. Paano sa palagay mo nagkakaiba ang pag-uugali ng mga Pilipino sa Mindanao sa iba pang Pilipino sa bansa kaugnay ng tatlong situwasyong inilahad sa itaas?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. Ano ang iyong opinyon ukol sa pagkakaroon ng higit sa isang asawa? Bakit?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

4. Paano mo tinatanggap ang iyong pagkatalo?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

5. Bakit magkakaiba ang paraan ng iba't ibang tao sa pagtanggap sa pagkatalo o pagkawala ng mahalagang tao sa buhay?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**ISUMITE**

**Gawain 7: Talasalitaan**

Punan ng wastong titik ang mga blangkong kahon sa ibaba ng bawat pahayag upang mabuo ang salitang ipinatutukoy sa bawat bilang.

1. Isang _ _ _ _ _ _ _ _ si Lalapindigowa-i dahil katutubo siya ng Lanao.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **M** | | **R** | | | | **O** |

2. Nagdamba si Orang dahil hindi niya gusto ang iniuutos kaya _ _ _ _ _ _ _ _ siya.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **N** | | **G** | | | **B** | | **G** |

3. Maluwag ang kanyang pantalon, _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ niya ito gamit ang sinturon.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **H** | | **N** | | | **P** | | | **A** | **N** |

**ISUMITE**



Basahin at unawaing mabuti ang isang pabula ng mga Maranao.

**Pagbasa 1**

***Lalapindigowa-i: Kung Bakit Maliit ang Beywang ng Putakti***

(Pabula ng Maranao batay sa pananaliksik ni Dr. Nagsura Madale)

Si Lalapindigowa-i na isang putakti ay isang masipag na magsasaka. May dalawa siyang asawa, sina Odang, isang hipon at si Orak, isang itlog. Tulad ng ibang Maranao, hindi lamang siya masipag na magsasaka kundi isang tapat na asawa. Nagsusumikap siyang magtrabaho upang mapakain ang dalawa niyang asawa.

Isang araw, nagwika siya sa mga asawa niya na dalhan siya ng pananghalian sa bukid nang sa ganoon ay di masayang ang kanyang oras sa pag-uwi. Nagkasundo at nagpasya ang dalawa niyang asawa na mula noon ay dadalhan siya ng pagkain sa bukid.

Pagkaraan ng maraming araw at buwan ng paghahatid ng pagkain, nagsawa ang mga asawa ni Lalapindigowa-i. Sa daan papuntang bukid, nagalit si Odang at tumangging magdala ng pagkain. Si Orak ay ayaw ding maghatid ng pagkain. Nagalit si Odang at nagsimula itong magdadadamba hanggang sa ito'y mahulog sa kaserola at magkulay pula ang balat. Naawa si Orak kay Odang dahil ito ay naluto kaya't ipinaghele niya ito. Sa di sinasadya, tumama siya sa bunganga ng kaserola at siya'y naluto rin.

Samantala, si Lalapindagowa-i ay ginutom sa kahihintay sa kanyang dalawang asawa. Pagkaraan ng ilang oras ng paghihintay, nagpasya siyang lumakad pauwi. Sa daan nakita ng gutom na si Lalapindagowa-i ang basag na kaserola at ang mga asawa niyang naluto.

Galit siya sa mga asawang tamad at sa kaparusahang tinanggap ng mga ito. Gutom na gutom na siya kaya hinigpitan niya ang kanyang sinturon. Simula noon, ang beywang ni Lalapindigowa-i ay lumiit dahil batid niyang wala na siyang mga asawang magluluto para sa kanya.

## Gawain 8: Katauhan sa Tauhan

Magsaliksik ng larawan sa *internet* na higit na kakatawan sa tatlong tauhan sa pabulang nabasa sa itaas. Ipaskil ang larawan sa grapikong pantulong sa ibaba at saka ilarawan ang bawat isa sa pamamagitan ng kanilang katangian at ugnayan sa isa't isa.

| Lalapindagowa-i | Orak | Odang |
| --- | --- | --- |
| | | |

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang ugnayan ni Lalapindagowa-i kina Orak at Orang?

2. Kumusta ang relasyon nina Orak at Orang?

3. Paano naging tapat na asawa si Lalapindagowa-i?

4. Anong katangian ng mga tauhan ang naibigan mo sa pabula? Bakit?

5. Paano sa palagay mo mabisang nagampanan ng mga tauhang hayop ang kanilang karakter sa pabula?

6. Ano ang iyong opinyon ukol sa paggamit sa mga hayop bilang tauhan sa kuwentong kahalili ng tao? Bakit?

7. Anong aspekto ng kulturang Maranao ang itinampok sa pabula? Bakit?

8. Paanong pantay na napagsilbihan ni Lalapindagowa-i ang dalawa niyang asawa?

9. Paanong pantay na napagsilbihan nina Orak at Orang ang kanilang asawang si Lalapindagowa-i?


10. Ano ang masasabi mo kaugalian ng pagkakaroon ng higit sa dalawang asawa ng mga Maranao? Sang-ayon sa ka ba o hindi? Bakit?

| |
|---|
| |

ISUMITE

**Gawain 9: Mahalagang Kaisipan**

Isulat sa mga ulap ang mahahalagang kaisipan na iyong personal na natamo buhat sa pabulang *Lalapindagowa-i.*




ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Bakit mahalaga ang mga natamo mong kaisipan sa pabulang nabasa?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2. Alin sa mga kaisipang iyong natamo ang nais mong mabatid ng marami? Bakit?

____________________________________________
____________________________________________

3. Ano ang dapat na matutuhan ng mga Pilipino sa pabulang Lalapindagowa-i? Bakit?

4. Paano naipakilala ang positibong aspekto ng mga Mindanaoan sa pabula?

5. Paano magiging kapaki-pakinabang para sa mga Pilipino na pag-aralan o alamin ang mga akda mula sa Mindanao?

**ISUMITE**

**TANDAAN**



**Pagpapahayag ng Posibilidad**

May mga pagkakataon na nagpapahayag tayo ng ating opinyon at nagmumungkahi o nagbibigay-suhestiyon kaugnay ng paksa o suliraning pinag-uusapan.

Sa mga pahayag na nagsasaad ng mga posibilidad bunga ng iyong mungkahi o suhestiyon o pananaw, gumagamit tayo ng mga salitang nagpapakilala ng mga pahayag ng posibilidad.

Sa Filipino, gumagamit tayo ng pangatnig at/o pang-abay.

Ang *pangatnig* ay isang uri ng pang-ugnay tulad ng *at*, *upang*, *kung*, at iba pa. Ang *pang-abay* naman ay mga salitang nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay tulad ng *talaga*, *yata*, *opo*, at marami pang iba.

Gaya ng naunang sinabi na sa pagpapahayag ng posibilidad, gumamit ng pangatnig at/o pang-abay. Partikular ang paggamit ng pangatnig na panubali at/o pang-abay na pang-agam. Suriin ang mga halimbawa sa ibaba.

**Pangatnig na Panubali** – ginagamit sa pagpapahayag ng isang hindi ganap na pagkukuro; halimbawang pangatnig *kung, pag/kapag, sakali.*

***Patatawarin kita <u>kung</u> hindi mo na uulitin ang iyong ginawa.***

**Pang-abay na Pang-agam** - nagsasaad ng di-katiyakan ng pang-uri o pandiwa; halimbawang pang-abay *yata, baka, maaari*.

***Magdala ka ng payong <u>baka</u> umulan.***

Manaliksik ng iba pang mga salitang ginagamit sa pagpapahayag ng posibilidad upang mapalawak ang iyong kaalaman.

**Gawain 10: Sabihin Mo Sa *Dashboard***

Isang tanggap na kaugalian sa Islam na maaaring magkaroon ng higit isa isang legal na maybahay ang isang lalaking Muslim. Hindi ito kinikilalang pangangaliwa, subalit isang responsibilidad. Isang mainit naman na paksa sa kasalukuyan ang pakikipagrelasyon nang higit sa isa sa parehong pagkakataon. Kadalasan itong tampok sa mga teleserye at pelikula. Sa gawaing ito, ibabahagi mo ang iyong opinyon ukol sa nasabing paksa sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong sa ibaba. I-*post* ang iyong sagot sa *dash board* upang makapagpalitan kayo ng kuro-kuro ng iba pang mag-aaral.

**TANONG:**

***Ano ang iyong opinyon sa pagkakaroon ng higit sa isang karelasyon sa kasalukuyan? Bakit?***



**ISUMITE**

**TANDAAN**



## Pagsulat ng Sanaysay

Kaugnay ng mga pagpapahayag ng posibilidad, dapat mabatid na higit na makatutulong sa pagpapahayag kung may kasanayan sa pagsusulat ang isang tao. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng pagsasanaysay sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng kaalaman, prinsipyo't paniniwala sa mundo.

Ang *sanaysay* ay isang sulating naghahayag sa pananaw, saloobin at pagpapahalaga ng manunulat ukol sa isang naibigang paksa, suliranin o isyu.

Kadalasan sa payak na paraan nasusulat ang mga sanaysay dahil layuning itawid sa mga mambabasa ang mahahalagang kaisipan sa pamamaraang tuwiran. Ngunit dahil sa kalayaan at determinasyon ng mga manunulat, dumarami na rin ang mga sanaysay na nagpapakilala ng panibago o inobatibong pamamaraan.

May tatlong bahagi ng sanaysay: *panimula, katawan* at *wakas.*

Ang *panimula* ay sinasabing pinakamahalagang bahagi ng sanaysay dahil ito ang unang nababasa. Kaya't iminumungkahi na gawing mapang-akit o mapanghimok ang panimula ng sanaysay. Maaaring isang tanong, palaisipan, anekdota, kasabihan, bugtong, paglalarawan, metapora, simili o pagmamalabis ang panimula.

Mahalaga man bilang pang-akit ng mambabasa ang *panimula*, pinakamahalagang bahagi ng sanaysay ang *katawan* nito dahil dito natatagpuan ang pinakamahahalagang aspekto ng sanasay. Nilalaman nito ang mga makabuluhang impormasyon, opinyon, ideya, proposisyon at iba pa na nais ibahagi ng may-akda. Sa bahaging ito naglalahad at nangangatuwiran ang may-akda sa mga kaisipan at puntong nais niyang pagtibayin gamit ang iba't ibang patunay at halimbawa.

Ang *wakas* ng isang sanaysay ay kadalasa'y paglalagom o pagbubuod sa mga puntong pantalakayan na inilahad sa bahagi ng katawan. Sa wakas nagkakaroon ng pag-uulit ng mahahalagang ideya, pagpapahayag ng pagpapahalaga at pagkakataon para sa mambabasa na magnilay sa mga proposiyon o suliraning inilalahad ng may-akda.

Higit na makatutulong sa isang magsusulat ng sanaysay na may tiyak siyang layunin sa kanyang pagsusulat upang magsilbing gabay sa pagbuo ng sanaysay.

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Napalawak mo ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol sa pabulang Mindanaoan sa papamagitan ng akdang *Lalapindagowa-i.* Napag-alaman mong may mga aspekto ng kulturang Maranao ang posibleng maging taliwas sa paniniwala ng iba. Batid mo ring sinasalamin ng pabula mula sa Mindanao hindi lamang ang karanasan, pangarap, pag-iisip at damdamin, kapaligiran at kultura ng mamamayang Mindanao kundi maiuugnay din ang mga ito sa kasalukuyang lipunang Pilipino.

**BUMALIK** **SUSUNOD**

PAGPAPALALIM

Natamo mo na sa bahaging PAGLINANG ang sapat na kaalaman at kasanayan upang maunawaan mo ang kabuluhan ng pabulang mula sa Mindanao.

Ngayon naman, paigtingin ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol sa paksa sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawaing magpapatunay sa mga ito. Inaasahang masasagot mo ang tanong na ito: ***Paano mo nakikita ang kabuluhan ng pag-alam sa mga pabula ng Mindanao kaugnay ng iyong pagkilala sa mga Pilipino sa Mindanao*?**

**Gawain 11: Pakapanalo at Pagkatalo**

Basahin ang pabulang *Ang Pagong at ang Ahas* at *Ang Palaka at ang Daga*. Pagkatapos basahin ang mga pabula, gamit ang https://bubbl.us/ bumuo ng sariling *concept map* na naghahambing sa mga tauhang hayop at mga pangyayari sa kanila sa dalawang pabula. I-*save* sa anyong PDF ang gawa na may pamagat na PabulaMap_ApelyidoPangalan at saka i-*upload.*

| **Upload PabulaMap** | |
|---|---|

ISUMITE



**Pagbasa 2**

Basahin at unawaang mabuti ang mga pabula na mula sa Lanao at Bukidnon.

| **Ang Pagong at ang Ahas**<br>(Lanao del Sur) | **Ang Palaka at ang Daga**<br>(Bukidnon) |
|---|---|
| Matalik na magkaibigan ang pagong at ang ahas. Isang araw, hinamon ng ahas ang pagong para magkarerahan. Noong una, tumanggi ang pagong dahil batid niyang siya ay mabagal. Ngunit nagpumilit ang ahas kung kaya't napapayag din nito na tanggapin ng pagong ang kaniyang hamon.<br><br>"Aba, kung talagang gusto mong makipagkarerahan, e di sige," wika ng pagong sa ahas.<br><br>"Magsimula tayo kung saan ka nakatayo at sa kuweba tayo magtatapos," wika ng ahas habang itinuturo ang direksyon ng kanilang karera.<br><br>"Isa, dalawa, tatlo! Takbo!" sigaw ng ahas bilang hudyat ng pagpapanimula ng paligsahan.<br><br>Tumalon ang ahas mula sa punong kinapupulutan na nagsisilbing kanilang tahanan at kumiwal-kiwal ito nang napakabilis. | Ang palaka at ang daga ay matalik na magkaibigan. Ang tawag nila sa isa't isa ay Manayu o Mayumi. Sa kanilang magandang pagsasamahan, nakaisip ang daga na sila ay magpaligsahan sa paglundag upang malaman kung sino sa kanila ang pinakamataas lumundag. Kaya sinabi ng daga sa palaka, "Manayu, magpaligsahan tayo kung sino ang makalulundag nang pinakamataas." "Sige. Mabuti kung may paligsahan tayo. Saan gaganapin?" ang sagot ng palaka. "Doon sa bahay ni Walu. Aakyat tayo at lulundag. Manayu, halika na," ang sabi ng daga.<br><br>Umakyat sila sa pinakamataas na bahagi ng bahay. Ang unang lumundag ay ang daga at sumunod ang palaka. Ngunit nang lumapag ang palaka, nabali ang kanyang paa. Nag-alala ang daga at ang sabi, "Nakakaawa ka naman. Nabali ang iyong paa. Halika, kakargahin kita sa likod ko at hahanap tayo ng manggagamot na makagagamot ng iyong nabaling paa." |

Nang dumating siya sa isang lugar na kinatatayuan ng isang malaking puno, tumigil siya upang magpahinga.

"Ang ganda naman ng punong ito. Ang daming sanga at dahon. Masarap mamahinga rito," buong kasiyahang pinagmasdan ng ahas ang puno.

Ngunit ang lamig na dulot ng hangin ng lilim ay nagpaantok sa kaniya. Sa paniwalang hindi siya maaabutan ng pagong, nagpasiya siyang matulog muna.

"Hhhm! Inaantok ako. Ang mabuti pa'y matulog muna ako. Tiyak, malaki na ang distansiya ko kay pagong. Matatalo pa ba naman ako? Balita ng kabagalan niyan," may kayabangang sambit ng ahas sa sarili.

Samantala, lumakad nang lumakad ang pagong. "Pagod na ako. Pero kailangang manalo ako sa karerang ito," humihingal na wika ng pagong sa sarili.

Nang makarating siya sa punongkahoy na pinagpapahingahan ng ahas, nakita niya itong mahimbing na natutulog.

"Aba, narito pala ang hambog na ahas. At himbing na himbing. Mabuti naman," punong-puno ng pag-asang sambit ng pagong.

Hindi niya ginising ang ahas at bagkus ay nagpatuloy siya sa paglalakad hanggang sa marating niya ang kuweba.

Nang magising ang ahas, lumingon siya sa lugar na pinagsimulan ng paligsahan sa karera ngunit hindi na niya nakita ang pagong.

"Aba, napahaba yata ang tulog ko. Nasaan na kaya ang pagong? Hindi kaya naunahan na niya ako?" nag-aalinlangang wika ng ahas sa sarili.

Kaya, kumiwal-kiwal siya papuntang kuweba sa pag-asang mararating niya ito nang una kaysa pagong. Subalit nang

Hindi nagtagal dumating sila sa isang lugar na may isang matandang babaeng gumagapas ng damo. "Ale, maaari mo bang ayusin itong nabaling paa ni Manayu?" ang tanong ng daga. "Oo. Pero maghintay muna kayo hanggang matapos ko itong paggapas ko," ang sagot ng matandang babae. "Iiwan ko muna siya dito at babalik ako bukas ng umaga upang kunin siya." Iniwan ng daga ang palaka at umalis.

Pag-alis ng daga, kumuha ang matandang babae ng sibuyas. Tinanong siya ng palaka kung aanhin niya ang sibuyas. Sumagot ang matanda. "Para magamot kita." Umakyat sila sa bahay. Kinuha niya ang palaka at binalot sa dahon kasama ang sibuyas. Inihaw niya ito at kinain.

Kinaumagahan, bumalik ang daga at tinanong niya ang matanda kung napagaling na niya ang kanyang mahal na kaibigan. Sumagot ang matanda, "Hindi ko naayos ang paa niya dahil kinain ko na siya kahapon." At hinabol niya ang daga upang ihawin ngunit nakatakbo agad ito.

Inimbita ng daga ang iba't ibang hayop kagaya ng pukyutan, tamaing, langgam, lapinig, linta, alupihan at ahas at sinabi niyang magtipon-tipon sila sa bahay ng matanda sa gabi. Pagdating ng mga insekto, nilusob nila ang matanda. Nagtago siya sa kulambo ngunit kinagat siya ng mga linta, langgam at alupihan. Tumakbo siya sa hagdanan at dito, kinagat siya ng ahas. Sa wakas, namatay ang matanda.

Hinalaw sa Literatura ng iba't ibang rehiyon sa Pilipinas nina Espina, L.D., Plasencia, N.R. at Ramos, V.R. (2009) Mindshapers Co., Inc.

| | |
|---|---|
| dumating siya sa kuweba, nagulat na lamang siya dahil naroroon na ang pagong na payapang namamahinga sa loob ng kuweba.<br><br>“Tinalo mo ako, kaibigan! Paanong nangyari iyon?” tanong ng ahas sa pagong.<br><br>“Tiyaga, kaibigan. Mabagal ako ngunit matiyaga. Samantalang ikaw, mabilis nga ay tamad naman,” ang sagot ng pagong.<br><br>Hinalaw mula sa Klasrum Drama: Mga anyo ng dulaan para sa paaralan, Casanova, A.P. (2011) Anvil Publishing, Inc. Mandaluyong | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Anong katangian ng mga tauhang nagtagumpay sa patimpalak ang iyong hinahangaan? Bakit?

2. Anong katangian ng mga tauhang talunan sa patimpalak ang iyong hinahangaan? Bakit?

3. Paano nakaapekto sa relasyon ng mga tauhan ang kinalabasan ng kanilang paligsahan?

4. Paano nabago ng dalawang pabula ang iyong pagtingin ukol sa pag-uugali ng mga tao sa Mindanao kaugnay ng patimpalak at pagtanggap ng pagkatalo?

5. Paano mo nakikita ang kabuluhan ng mabubuting katangiang ito sa usaping pangkapayapaan sa Mindanao?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

ISUMITE

**Gawain 12: 3-2-1 Chart**

Tugunan ng hinihinging impormasyon ang *3-2-1 Chart* sa ibaba. Sa pamamagitan nito, matataya mo ang sariling pagtamo at pag-unawa ukol sa napag-aralang paksa.

| | |
|---|---|
| **3** | Tatlong mahalagang pag-unawa na natutuhan mo ukol sa kaugaliang Mindanaoan batay sa mga pabulang nabasa.<br>• -<br>• -<br>• - |
| **2** | Dalawang kaisipan na sa palagay mo ay dapat mabatid ng mga Pilipino ukol sa pag-uugali ng mga Mindanaoan batay sa mga nabasang pabula.<br>• -<br>• - |
| **1** | Isang pangungusap na naglalahat sa iyong pananaw ukol sa Mindanao.<br>• - |

ISUMITE

**Gawain 13: KWHL Chart**

Balikan ang iyong mga isinagot sa *KWHL Chart* sa bahaging PAGTUKLAS. Sa pagkakataong ito, tugunan ang hanay ng **L** kaugnay ng iyong sagot sa hanay **W** at **H.**Pagnilayan ang iyong mga natamong pag-unawa sa araling ito.

| K | W | H | L |
|---|---|---|---|
| Anong pag-uugali ng mga mamamayan sa Mindanao ang aking alam? | Anong pag-uugali ng mga mamamayan sa Mindanao ang gusto kong malaman o patunayan? | Paano ko malalaman o mapatutunayan ang pag-uugali ng mga mamamayan sa Mindanao? | Ano ang mga nalaman o natutuhan ko ukol sa pag-uugali ng mga mamamayan sa Mindanao? |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

ISUMITE

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Napatunayan mong mahalaga ang natamo mong kaalaman at pag-unawa sa pagsusuri at pag-uugnay sa mga pabula mula sa Mindanao. Sa iba't ibang gawain sa PAGPAPALALIM, may mga pag-uulit ng kaalaman at pag-unawa na iyong natamo. Nagawa mo ring isabuhay ang mga pag-unawa at kasanayang ito. Tumuloy ka na sa huling bahagi ng araling ito – ang PAGLILIPAT.

BUMALIK SUSUNOD

## PAGLILIPAT

Matapos mong patunayan na sinasalamin ng pabula hindi lamang ang karanasan ng mga mamamayan sa Mindanao kundi ng Pilipino sa kalahatan, ililipat mo ngayon ang iyong mga natutuhan at naunawaan sa pamamagitan ng pagpapatunay sa mga kakayahang natamo. Isaalang-alang mo ang mga kasanayan at mahahalagang pag-unawang iyong natamo sa araling ito. Simulan mo na ang gawain sa PAGLILIPAT na bahagi ng modyul.

**Gawain 14: Pagbuo ng Sanaysay**

Bumuo ng isang maikling sanaysay na nagtatampok sa Maria Cristina Falls na matatagpuan sa Lungsod ng Iligan, Lalawigan ng Lanao. Sundin ang mga panuto sa ibaba kaugnay ng inaasahang tungkulin.

1. Manaliksik ng mahahalagang impormasyon tungkol sa tanyag na Maria Cristina Falls.

2. Sa pagkuha ng mga impormasyon, tiyaking masagot ang mga sumusunod na tanong:
   - Saan matatagpuan ang Maria Cristina Falls?
   - Ano-ano ang katangiang taglay ng talon na ito?
   - Ano-anong bayan ang saklaw ng tubig-ilog na kaugnay ng talon na ito?
   - Paano ito nakaambag sa kaunlaran sa ekonomiya ng Iligan at mga karatig-bayan?
   - Bakit mahalaga ang talon na ito para sa Mindanao?

3. Gamit ang mga impormasyong nakalap, bumuo ng isang maikling sulatin na nagtatampok sa Maria Cristina Falls nang tinutupad ang daloy na itinakda sa pagsulat ng sanaysay.

    a. Panimulang Talata
        - Sisimulan mo ang iyong sulatin sa pamamagitan ng isang talatang malikhain at nakapang-aakit na paglalarawan sa pisikal na katangian ng Maria Cristina Falls.

    b. Katawang Talata
        - Sa pamamagitan ng tatlong talata, lalamanin nito ang sumusunod: bubuuin mong sulatin ang (1) katanyagan ng Maria Cristina Falls kaugnay ng turismo sa lalawigan; (2) kahalagahan nito sa kabuhayan ng mga mamamayan sa mga nakapalibot na bayan, at kontribusyon ng talon sa ekonomiya ng Lungsod ng Iligan at mga karatig-lalawigan; at (3) kahalagahan nito sa ekonomiya ng Mindanao kaugnay ng enerhiyang pang-elektrisidad na ibinibigay nito sa buong Kamindanaoan.

    c. Talatang Pangwakas
        - Wawakasan mo ang iyong sulitan sa pamamagitan ng isang talatang nagbubuod at nagpapaliwanag kung bakit tunay na yaman ng Mindanao sa aspektong panturimso at pang-ekonomiya ang Maria Cristina Falls.

4. Sa pagbuo mo ng iyong sulatin, tiyaking susundin ang mga pamantayang panggramatika tulad ng wastong baybay, wastong paggamit ng mga bantas, wastong pagbanghay sa mga pandiwa't pang-uri, mabisang pagbuo ng pangungusap at konsistent na daloy ng kaisipan.

5. I-*upload* ang iyong sanaysay bilang *notes* sa iyong *facebook page*. Ipadala sa *e-mail* ng iyong guro ang *link*.

**Checkbrik sa Pagsulat ng Sanaysay**

| PAMANTAYAN | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman**<br>Dapat mailahad sa sanaysay ang mahahalagang impormayon ukol sa katangian at mahalagang naiaambag ng Maria Cristina Falls sa turismo at ekonomiya ng lalawigan at mga karatig-lalawigan. | | | | |
| **Pagpapahayag**<br>Malinaw ang pagpapahayag lalo na't mabisa ang ginawang pagbibigay ng opinyon, at paglalahad ng sanhi at bunga. | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Bahagi ng Sanaysay**<br>Mabisa at kaakit-akit ang simula ng sulatin. Malaman ang katawan. Nagbubuod ang wakas at nanghihikayat. | | | | |
| **Gramatika**<br>Isinakatuparan ang wastong pagbabaybay at gamit ng mga salita, pagbabantas, at pag-uugnay-ugnay ng mga kaisipang ipinahayag. | | | | |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa bahaging ito ng aralin, nagawa mong bumuo ng isang sulating nagtatampok sa tanyag na Maria Cristina Falls at ang kahalagahan nito sa kabuhayan at ekonomiya ng Mindanao. Ngayon, may mga bago kang nalaman at naunawaan tungkol sa Mindanao. Batid mo rin na isang paraan ng pagpapahalaga at pagpapalaganap ng pagpapahalaga sa likas na yaman ng bansa ang mga pabulang mayroon ang Pilipinas.

BUMALIK SUSUNOD

Simula ng Aralin 2

**ARALIN 2: Panitikan:** ***Indarapatra at Sulayman*** (epiko)
**Wika:** **Pang-ugnay na Ginagamit sa Pagbibigay Sanhi at Bunga**

**PAGTUKLAS**

Sisimulan mo ang araling ito sa pamamagitan ng pagsubok sa iyong kaalaman ukol sa mga kinilalang bayani sa Pilipinas. Sa pagkilala sa mga bayaning ito, hangad na mahinuha mo ang mga dahilan kung bakit sila kinilalang bayani at kung bakit alam mong mga bayani sila. Layunin mong sagutin ang mga sumusunod na tanong sa araling ito: *Paano nagiging bayani ang isang tao? Bakit kailangan ng mga bayani sa mundo? Paano ka magiging bayani? Anong uri ng bayani ang kailangan ng Pilipinas sa kasalukuyan? Bakit?*

**Gawain 1: Pangalanan ang Bayani**

Kilalanin ang mga bayani sa bawat larawan sa pamamagitan ng pagsusulat ng kanilang pangalan sa kahon sa ibaba ng kanilang larawan.

JOSE RIZAL
Manny Pacquiao
Ninoy Aquino
Andres Bonifacio
Efren Peñaflorida
Lapu-Lapu








ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Sino sa mga bayani sa itaas ang sa palagay mo ay tunay na bayani? Bakit?

2. Ano ang masasabi mo sa batayan ng pagdedeklara na bayani ang isang tao? Bakit?

3. Ano ang ibig sabihin ng “modern day hero”? Ipaliwanag.

4. Bakit may mga buhay na bayani?

5. Bakit karamihan sa bayani ay patay na nang sila’y kinilalang bayani?

6. Sa palagay mo, hinangad ba ng mga taong ito na maging bayani? Bakit?

ISUMITE

**Gawain 2: Pagsagot sa *IRF Sheet***

Tugunan ang bahaging **I** o *Initial* ng *IRF Worksheet* upang mailarawan mo at mapangatuwiranan ang uri ng bayaning kailangan ng Pilipinas sa kasalukuyan. Magbigay ng mga halimbawa sa iyong paliwanag.

## IRF WORKSHEET

| Anong uri ng bayani ang kailangan para sa kapayapaan sa Mindanao at sa kabuuan ng Pilipinas? Bakit? |
|---|
| **Initial Answer** |
| |
| **Revised Answer** |
| |
| **Final Answer** |
| |

SAVE

**Gawain 3: Bayani *Resume***

Sa gawaing ito, maglilista ka ng mga katangiang mayroon ka na kahalintulad ng mga bayani sa Pilipinas. Magpahayag ka naman kung paano ka magiging bayani sa pamamagitan ng mga katangiang ito.

(Maglagay ng larawan mo)

| Bayaning Pilipino | Katangiang taglay ko tulad ng bayani | Paano ako magiging bayani sa katangiang ito? |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Alin sa mga katangiang taglay mo ang iyong lubos na ipinagmamalaki? Bakit?

2.Paano makakaimpluwensya sa mga Pilipino ang pagtukoy nila sa mga katangiang taglay nila katulad ng mga bayani?

3.Gaano kataas ang potensyal ng bawat isa na makagawa ng kabayanihan? Bakit?

ISUMITE

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nataya mo na ang iyong kaalaman sa iba't ibang kinilalang bayani sa Pilipinas. Naipahayag mo na rin ang katangian ng kinakailangang bayani sa Pilipinas sa kasalukuyan. Sinuri mo rin ang iyong sariling katangian na kaugnay ng katangian ng mga bayani.

Ngayong higit mong palawakin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagtugon sa iba't ibang gawaing makikita sa mga susunod na bahagi ng modyul.


BUMALIK SUSUNOD

## PAGLINANG

Marahil may ilang bagay pang sumagi sa iyong isipan habang kinukundisyon mo ang iyong sarili sa pag-aaral tungkol sa mga bayani sa Mindanao. Baka naman nagdadalawang-isip ka na may mga bayani nga sa Mindanao. Marahil napaisip ka rin kung paano magiging kapaki-pakinabang para sa iyo bilang Pilipino na alamin ang epiko ng Mindanao. Kaya sa mga gawain sa bahaging ito, matututuhan mo ang ukol sa epiko ng Mindanao, kahalagahan ng epiko sa kasaysayan ng Mindanao, at kabuluhan ng mga kinikilalang mga bayani ng Mindanao sa mga akdang pampanitikan. Kaugnay nito, layunin mong mahasa ang iyong kakayahan sa pakikinig at panonood, pagsasalin at pagbubuo. Kakailanganin mo ang mga kasanayang kaugnay ng mga kakayahang ito para sa iyong inaasahang pagganap; ang pagsulat ng sanaysay.

**Gawain 4: Ano ang Epiko?**

Magsaliksik tungkol sa katangian ng epiko. Punan ng impormasyon ang grapikong pantulong sa ibaba. Sagutin ang mga kasunod na tanong matapos punan ang grapikong pantulong.




**ISUMITE**

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano natatangi sa ibang patulang pasalaysay ang epiko?

2. Bakit kilala bilang patulang kasaysayan ng kabayanihan ang epiko?

3. Paano sinasalamin ng suliranin sa epiko ang suliraning mayroon sa isang lipunan?

4. Paano mapakikinabangan ng mga Pilipino ang kanilang sariling epiko?

5. Ano ang ipinahihiwatig ng epiko sa antas ng kamalayang panlipunan ng mga sinaunang tao sa Pilipinas? Bakit?

ISUMITE

**Gawain 5: Talasalitaan**

Pag-ugnayin ang mga titik sa loob ng kahon upang mabuo ang kasingkahulugan ng mga salitang madiin ang pagkakasulat sa bawat bilang.

1. Pawang kabundukan ang tinatahanan ng maraming taong doo'y namumuhay nang maligaya sapagkat ***SAGANA*** sa likas na yaman.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | G | N | O | K | M | A | S |
| A | M | A | T | A | L | M | N |
| S | B | P | Y | D | U | H | W |

2. Subalit ang ***LAGIM*** ay biglang dumating sa kanilang bundok na dati'y payapa.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | G | T | O | K | M | A | S |
| A | M | A | T | A | L | M | N |
| S | B | P | Y | D | U | H | W |

3. Una'y si Kurita na maraming paa at ***GANID*** na hayop pagka't sa pagkain kahit limang tao'y kanyang nauubos.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | G | M | O | K | M | A | S |
| A | D | A | T | A | L | M | N |
| S | B | P | Y | D | U | H | W |

4. Ang sinumang tao na kanyang mahuli'y agad ***NILALAPANG***.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | G | N | O | K | M | A | S |
| A | M | A | I | A | K | M | N |
| S | B | P | Y | D | U | K | I |

5. Ang lahat ng tao'y sa kuweba ***TUMAHAN*** upang makaligtas sa salot na itong may matang malinaw at kukong matalas.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | G | N | O | K | M | A | S |
| A | M | A | T | U | I | R | N |
| S | B | P | Y | D | U | H | W |

6. Ang lahat ng tao'y sa kuweba'y tumahan upang makaligtas sa ***SALOT*** na may matang malinaw at kukong matalas.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | G | S | O | K | M | A | S |
| A | M | E | T | E | L | M | N |
| S | B | P | Y | D | U | H | W |

7. Ang maraming taong nangangailangan ng tulong mo't ***HABAG***.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | G | N | O | K | W | A | S |
| A | M | A | T | A | L | M | N |
| S | B | P | Y | D | U | H | W |

8. Aiya ay nagmasid at kanyang ***NATUNGHAN*** ang maraming nayong wala kahit isang taong tumatahan.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | G | S | O | K | N | A | S |
| A | K | I | H | A | L | M | N |
| S | A | P | Y | D | U | H | W |

9. Siya'y ***NANLUMO*** pagka't ang tahanan sa tao'y ulila.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | G | N | U | L | N | A | S |
| A | K | O | T | A | L | M | N |
| S | B | P | Y | D | U | H | W |

10. "Salamat sa iyo butihing bayani na ubod ng tapang, kaming mga ***LABI*** ng ibong gahaman ngayo'y mabubuhay."

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | G | N | O | K | M | A | S |
| A | M | A | T | A | L | M | N |
| S | B | P | Y | D | U | H | W |

**ISUMITE**

Panoorin at suriin ang pagsasalaysay ng epikong *Indarapatra at Sulayman.*

Panoorin ang pagsasadulang animasyon ng epikong *Indarapatra at Sulayman* sa *link* na:

http://www.youtube.com/watch?v=ySW32bhEhrg

Maaari ring basahin ang buong teksto ng epikong ito sa:

http://www.bse.ph/download/BSE%20site_/BSE%20WEBSITE%202010/2010SEC/Fil/Epiko%20INDARAPATRA.pdf

**Gawain 6: Scrapbook ng Tauhan**

Sa pamamagitan ng http://teacher.scholastic.com/activities/scrapbook/, bumuo ng sarili mong pag-aanyo nina Haring Indarapatra at Prinsipe Sulayman. Kinakailangang maglahad ka ng sampung (10) katangian ng bawat isang tauhan. Matapos maanyo ang dalawang tauhan, i-*save* sa *file type* na XPS ang iyong gawa na may *file name* na **ScrapInda_ApelyidoPangalan** at **ScrapSulay_ApelyidoPangalan**. I-*upload* ang iyong *file* at saka sagutin ang mga pamprosesong tanong.

| **Upload ScrapInda** | |
|---|---|

| **Upload ScrapSulay** | |
|---|---|

**ISUMITE**

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1.Anong uri ng kapatid si Prinsipe Sulayman kay Haring Indarapatra? Bakit?

2. Paano isinakatuparan ni Haring Indarapatra ang kanyang tungkulin bilang nakatataas nang tugunan niya ang suliranin ng kanyang bayan lalo na ang usaping pangkapayapaan?

3.Bakit hindi si Haring Indarapatra ang unang nakipaglaban sa mga halimaw?

4. Paano mo maiuugnay si Haring Indarapatra sa Pangulo ng Pilipinas na nagtatalaga ng ibang opisyal upang bigyang-pansin ang iba't ibang suliranin ng bansa?

5. Ano ang ipinahihiwatig ng kabayanihan ni Prinsipe Sulayman sa antas ng serbisyong ibinibigay ng iba't ibang pinuno ng ahensyang pampamahalaan? Patunayan.

6. Sang-ayon ka ba sa pagpapakasal ni Haring Indarapatra at pinili pang maghari sa ibang kaharian? Pangatwiranan.

7. Sino kaya ang higit na dapat na ituring na bayani sa pagitan nina Haring Indarapatra at Prinsipe Sulayman? Bakit?

8. Anong katangian ng mga tauhan ang iyong hinahangaan? Bakit?

**ISUMITE**

**Gawain 7: Pagpuno ng Grapikong Pantulong**

Ilahad sa pamamagitan ng grapikong pantulong sa ibaba ang elemento ng epiko sa *Indarapatra at Sulayman*. Sa pinakahuling kahon ipaliwanag ang isang mahalagang kaisipang nabatid sa epiko.

**Indaraptra at Sulayman**

Mga Tauhan:

Tagpuan:
Panahon:
Lugar:

Banghay:
Isulat sa katapat na kahon ang bahaging tinutukoy sa epiko.

| | |
|---|---|
| May isang pangunahing tauhang may suliranin. → | |
| Ihahanap ng pangunahing tauhan ng kalutasan ang kanyang suliranin. → | |
| Magkakaroon ng mga sagabal ang pangunahing tauhan kaya't magkakaroon ng ng mga tunggaliang lilikha ng kapananabikan. → | |
| Titindi ang tunggalian hanggang sa umabot sa kasukdulan; ito ay agad na susundan ng kakalasan na naging bunga ng tunggalian. → | |
| Susunod kaagad ang kakalasan at wakas. → | |

**Mahahalagang kaisipang taglay ng epiko**

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang pangunahing suliranin ng mga mamamayan ng Mindanao noong panunungkulan ni Haring Indarapatra?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Paano natugunan ang mga suliraning ito?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Ano ang naging sanhi ang kasawian ni Prinsipe Sulayman? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Ano ang nagtulak kay Haring Indarapatra na siya na ang tatapos sa huling halimaw? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5. Alin sa mga pangyayari sa epiko ang higit na tumatak sa iyo? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6. Ano ang ipinahihiwatig nang nagpasalamat ang isang magandang diwata kay Haring Indarapatra sa pagliligtas ng kanilang kaharian? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

7. Paano mo maiuugnay ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa ibang bansa sa pagpapalakas ng aspektong ekonomiya at puwersang militar?

______________________________________________
______________________________________________

8. Paano mo nakikitang nagkaisa ang mga kaharian sa Mindanao sa pagharap sa matinding suliranin?

9. Paano mo nakitang nagkaisa ang mga Pilipino sa pagharap ng matitinding suliranin ng bansa? Patunayan.

ISUMITE

**TANDAAN**



Sa pagpapahayag ng sanhi at bunga, gumamit tayo ng mga pang-ugnay na *pangatnig*. Ang mga *pangatnig* o *conjunction* sa Ingles ay mga salitang nag-uugnay ng salita, parirala, sugnay, pangungusap at talata sa isa't isa alinsunod sa layunin nang nagpapahayag.

Sa mga pahayag na nagbibigay ng sanhi at bunga kadalasa'y gumagamit ng mga pangatnig na pananhi tulad ng ***dahil***, ***dahil sa***/***kay***, ***sapagkat***, ***palibhasa*** at ***kasi*** na nagpapakilala sa mga salitang taglay ang kaisipang pananhi sa pahayag. Kung minsan gumagamit din ng pangatnig na panlinaw tulad ng ***kaya*** at ***kung kaya*** sa paglalahad ng bunga ngunit madalas taglay ng pandiwang nagpapahiwatig na may ibinunga o kinalabasan ang isang sanhi.

Tunghayan ang mga halimbawa sa ibaba, nakasalungguhit ang sanhi habang naka-*italize* naman ang bunga.

- <u>Sapagkat masama ang kanyang pakiramdam</u> *kaya hindi na siya nakapasok sa paaralan.*
- *Nagkagulo sa palengke* <u>dahil sa balitang may nakatanim na bomba roon</u>.

May mga pahayag namang nagbibigay ng sanhi at bunga nang hindi gumagamit ng pangatnig na pananda tulad ng pangungusap sa ibaba.

*Ikinalungkot niya* <u>ang iyong pag-alis</u>.

**Gawain 8: Sanhi at Bunga**

Suriin ang mga hinalaw na pahayag sa epikong *Indarapatra at Sulayman*. Tukuyin kung ano ang inilalahad na sanhi at bunga nito sa magkaibang kahong itinakda.

**Sanhi**

Nang siya'y dumating sa tuktok ng bundok na pinaghaharian nitong si Kurita, siya ay nagmasid at kanyang natunghayan ang maraming nayong wala kahit isang taong tumatahan.

**Bunga**

**Sanhi**

Siya'y lumundag at kanyang tinaga ang pakpak ng ibon, datapwat siya rin ang sinamang-palad na bagsakan niyon; sa bigat ng pakpak, ang katawan niya sa lupa'y bumaon.

**Bunga**

**Sanhi**

Ang halaman noon di'y nalanta't sanga'y nangalabi.

**Bunga**

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano nakaaapekto sa ibang bagay ang mga pangyayari sa paligid tulad ng mga naganap sa epikong *Indarapatra at Sulayman*?

2. Ano ang ipinahihiwatig ng konsepto ng sanhi at bunga sa kaugalian at karanasan ng tao? Bakit?

3. Ipaliwanag ang pahayag na "Nagbubunga nang mabuti ang sanhing mabuti."

4. Anong kultura/paniniwala ang nabatid mo sa epikong napanood? Patunayan.

ISUMITE

**Gawain 9: *IRF Worksheet***

Muling tugunan ang *IRF Worksheet* sa bahaging **R** o *Revised* upang mailarawan mo at mapangatuwiranan ang uri ng bayaning kailangan ng Pilipinas sa kasalukuyan. Maaaring magbago ng iyong sagot. Magbigay ng mga halimbawa sa iyong paliwanag.

## IRF WORKSHEET

| **Anong uri ng bayani ang kailangan para sa kapayapaan sa Mindanao at sa kabuuan ng Pilipinas? Bakit?** |
|---|
| **Initial Answer** |
| |
| **Revised Answer** |
| |
| **Final Answer** |
| |

SAVE

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Napalawak mo na ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol sa epikong *Indarapatra at Sulayman*. Napag-alaman mong may mga aspekto ng epikong ito ang sumasalamin sa kultura, paniniwala at karanasan ng mga sinaunang tao sa Mindanao. Nabatid mo ring magkaugnay sa lipunang Pilipino sa kasalukuyan ang maraming aspekto ng lipunan ng sinaunang Mindanao. Ngayon, palalimin mo ang mga natamong kaalaman at pag-unawa sa mga gawain sa kasunod na bahagi ng modyul na ito.

BUMALIK

SUSUNOD

## PAGPAPALALIM

Bilang panimula sa bahaging ito, magbalik-tanaw ka muna sa mga gawaing isinakatuparan at mga kaalama't pag-unawang natamo sa mga naunang bahagi ng modyul. Sa mga gawaing naisagawa at mga tanong na sinagot, *paano mo nakikita ang kabuluhan ng pag-aaral ng epiko ng Mindanao sa iyong sarili? Paano mo nakikitang magiging makabuluhan ito sa kasalukuyang lipunan? Paano nakaapekto ang epikong napag-aralan sa iyong konsepto ng kabayanihan?*

Sa bahaging ito, palalalimin mo ang iyong kaalaman at pag-unawa kaugnay ng mga panitikan ng Mindanao partikular ng epikong *Indarapatra at Sulayman*. Uunahin mong iugnay ang napag-aralan sa mga personal na aspekto ng iyong buhay patungo sa lipunan sa pangkalahatan. Magpatuloy ka na sa bahaging ito.

**Gawain 10: Bayani sa Totoo Lang**

Tumukoy ng isang kakilala mo na maaari mong maihalintulad kay Prinsipe Sulayman ng epikong *Indarapatra at Sulayman.* Sa gagawing paghahambing, hindi kailangang tuwiran o direkta silang magkapareho sa katangian o ginawa; maaaring magkaugnay ang kanilang katangian at kanilang ginawang kabutihan. Gamit ang http://www.text2mindmap.com, bumuo ng sariling *mindmap* na naghahambing sa isa sa iyong kakilala at kay Prinsipe Sulayman. Dapat mailahad din kung paano sila parehong makikilalang bayani sa kani-kanilang paraan. I-save sa format na PDF ang iyong gawa na may file name ma tx2mindSulayman_ApelyidoPangalan. I-upload ang iyong gawa.

| **Upload tx2mindSulayman** | |
|---|---|

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano-anong katangian ni Prinsipe Sulayman ang kahanga-hanga? Bakit?

2. Anong uri ng bayani si Prinsipe Sulayman? Bakit?

3. Bakit mo nasabing magkatulad si Prinsipe Sulayman at ang iyong kakilala?


4. Paano mo maisasabuhay ang katangian ni Prinsipe Sulayman sa kasalukuyan?

5. Bakit mahalagang makilala ng mga nanunungkulan sa pamahalaan at iba't ibang empleyado ng gobyerno si Prinsipe Sulayman at ang kanyang kabayahihan?

**ISUMITE**

**Gawain 11: Halimaw sa Lipunan**

Suriin ang katangian ng bawat halimaw na nagambala sa kapuluan ng Mindanao sa epikong *Indarapatra at Sulayman*. Tumukoy kung sino ang maaaring kinakatawan o sinasagisag ng mga halimaw na nagdudulot ng malaking suliranin sa lipunan sa kasalukuyan. Ipaliwanag ang iyong ginawang paghahambing.


KURITA
Maraming paa, ganid na hayop, kayang kumain kahit limang tao
HALIMAW NA MUKHANG TAO
PAH
IBONG MAY PITONG ULO

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Sino-sino ang maituturing mong halimaw sa kasalukuyang lipunan? Bakit?

2. Paano nagiging halimaw ang mga tao sa lipunan?

3. Papaano masusugpo ang mga halimaw sa lipunan?

**ISUMITE**

**Gawain 12: Pagsusuri ng Epiko**



**Pagbasa 3**

Basahin at suriin ang mga epikong *Agyu*, *Darangen* at *Bantugen* na pawang mula sa Mindanao. Gamit ang *online presentation* sa www.prezi.com ilahad ang mga impormasyon at kaisipan mula sa tatlong epikong ito bilang halimbawa sa pagtalakay sa katangian at kahalagahan ng epiko sa kultura at buhay sa Mindanao. Ipadala sa *e-mail address* ng iyong guro ang *link* ng iyong presentasyon.

***Agyu***
(Epikong Manobo)

Ang pangongolekta ng sera ang pinanggagalingan ng kabuhayan ng mga Ilianon. Ipinapalit nila ang sera sa mga Moro, sa kanilang mga pangunahing pangangailangan tulad ng palay, asin at asukal. Nagkaroon ng di-pagkakaunawaan si Agyu at ang datu ng mga Moro dahil sa pagkakautang nila ng isandaang tambak ng sera. Upang maiwasan ang madugong labanan, si Agyu at ang kaniyang pamilya ay umalis sa Ayuman at pumunta ng Ilian. Ngunit hindi hahayaan ng mga Moro na mamuhay sila nang payapa. Sinundan nila ang mga ito upang patayin siya at ang kanyang pamilya. Lumaban nang buong tapang si Agyu at ang kanyang pamilya at lumabas na panalo sa laban sa mga Moro. Pagkatapos ng tagumpay ay naisip ni Agyu na lisanin ang Ilian at pumunta ng Bundok ng Pinamatun. Doon ay nagtayo sila ng mga bahay sa paanan ng bundok.

Isang araw ay pumunta si Agyu sa bundok ng Sandawa upang manghuli ng baboy-ramo. Umuwi siya na dala ang kanyang huli habang ang kanyang kapatid na lalaki na si Lono at mga kapatid na babaing sina Yambungan at Ikwagan ay nakahanap ng pulot-pukyutan. Hinati nila ang baboy-ramo at pulot-pukyutan sa kanila at sa kanilang mga alipin.

"Bakit ayaw mong kumuha ng karne at pulot para sa iyo, at sa iyong asawa sa Ayuman, Banlak?" tanong ni Agyu sa kanyang kapatid na lalaki. Ang asawa ni Banlak na si Mungan ay naiwan sa Ayuman sapagkat nagkaroon ito ng ketong.

Hindi pumayag si Banlak sa ideya. Nagboluntaryo na lamang si Lona na pumunta sa Ayuman dala ang karne at pulot para kay Mungan. Nang makarinig siya ng malakas na boses na nagsasabi kay Mungan na tanggapin na ang imortalidad sa pamamagitan ng pagkain ng mga diyos.

Nang bumalik si Lono sa Panamutan, sinabi niya kina Agyu at Banlak kung ano ang narinig. Nais ni Banlak na makita si Mungan ngunit pinigilan sila ni Agyu. Bagkus ay binagtas ni Agyu ang daan pababa ng Ayuman upang makita si Mungan ngunit huli na ang lahat. Pumunta na si Mungan sa langit. Ang natira lamang ay isang gintong bahay. At nang bumalik siya sa Pinamutan, iniwan nilang muli ang lugar at nagpunta sa Tigyangdang. Ngunit hindi nila nakita ang kapayapaan sa Tigyangdang. Napakaraming kaaway ang nagpapaalis sa kanila sa Tigyangdang. At kahit anong gawin nila ay hindi nila matalo ang kalaban.

Nang dumating ang pang-apat na araw ng pakikipaglaban ay lumapit ang kanyang batang anak na si Tanagyaw.

"Payagan mo akong lumaban, ama," sabi niya.

"Ngunit napakabata mo pa, anak," sinabi niya rito.

"Marahil nga ay bata ako ngunit ako ay matalino, ama," pilit ni Tanagyaw.

"Humayo ka at nawa ay tulungan ka ng mga diyos. Ingatan mo ang sarili mo!"

At umalis na si Tanagyaw upang pumunta sa labanan. At natalo niya ang mga kalaban.

Nais ng pinuno ng mga kalaban na makasal si Tanagyaw sa anak nitong babae na si Buy-anon ngunit tumanggi ito dahil napakabata pa nila. Umabot si Tanagyaw sa bayan ng Baklayon at iniligtas ang bayan laban sa mga kaaway. Pinatay niya si Bagili, ang anak ng pinuno ng mga kaaway ng Baklayon. Nais ng datu ng Baklayon na ipakasal ang kanyang anak na si Paniguan kay Tanagyaw ngunit hindi pa ito handa na mag-asawa. At nang bumalik si Tanagyaw sa Tigyangdang ay nagpunta si Paniguan sa Tigyangdang, nagtungo si Paniguan sa kanya. Sinabi nito kay Agyu na nais nitong pakasalan si Tanagyaw. Sumang-ayon si Agyu at ikinasal sina Tanagyaw at Paniguan.

Sa kabilang dako, hindi tumigil ang pag-atake sa sambahayan ni Agyu. Paminsan-minsan ay mayroong mga kaaway na umaatake sa mga pamayanan at pinapatay ang mga tao at mga hayop ni Agyu. Ngunit matanda na upang lumaban si Agyu. Upang kalabanin ang mga kaaway, nagsuot si Tanagyaw ng baluti na kasingtigas ng metal na sa lakas ay hindi maigalaw ng hangin. Pagkatapos ay kinalaban niya ang mga kaaway at lumabas na panalo. Ngunit hindi pa handang sumuko ang mga kalaban. Sinugod ng anak ng datu si Tanagyaw gamit ang ginintuang espada. Ginamit ni Tanagyaw ang gintong tungkod at nagawang patayin ang anak ng datu at ang kanyang mga kasama at tumakas sa bundok dahil sa takot.

Napanuto na si Agyu. Nalalaman niya na maghahari na ang kapayapaan sa kanilang kaharian. Ngayon ay tatamasahin na nila ang magandang buhay na mailap sa kanila noong una. Ang ani ay masagana at ang mga hayop ay dumarami na sa bilang. Isang araw tinawag niya ang anak na si Tanagyaw.

"Ibinibigay ko na sa iyo ang Sunglawon. Ipagtatanggol mo ito at pamahalaan ito ng may hustisya at pagpapahalaga sa mga tao."

"Tutuparin ko po ito sa tulong ng mga diyos, ama sagot ni Tanagyaw.

Sumunod na umaga, sina Tanagyaw at Paniguan kasama ang kanilang mga alipin ay nagsimulang maglakbay patungo sa Sunglawon. Handa na sila upang magsimula ng isang pamilya.

---

Halaw sa http://misterhomework.blogspot.com/2013/06/epiko.html Retrieved on 02 October 2014

## ***Darangan***

(Epikong Maranao)

Mayroong isang hari sa isang malayong kaharian sa Mindanao ang may dalawang anak na lalaki. Ang nakatatanda ay si Prinsipe Madali at ang nakababata ay si Prinsipe Bantugan. Sa murang edad ay nagpakita si Prinsipe Bantugan ng magagandang katangian na higit sa kanyang nakatatandang kapatid na si Prinsipe Madali. Laging sinasabi ng kanilang guro sa kanilang ama na si Prinsipe Bantugan ay napakatalino. Mabilis siyang matuto, kahit sa paggamit ng espada at palaso. Taglay niya ang lakas na kayang makipaglaban sa tatlo o limang tao sa mano-manong labanan.

Ang unang tanda na siya ay magiging isang magaling na sundalo nang makita siya nang mapatay niyang mag-isa ang isang malaking buwaya na pumatay sa ilang taong bayan. Hindi makapaniwala ang mga taong bayan sa kanilang nakita pagkatapos ng pagtutuos.

"Napakalakas niya! ang sabi ng isang matandang lalaki nang makita ang patay na buwaya.Paano na kaya ang isang tao na ganito kabata na patayin ang buwaya? Sinasapian siguro siya ng mga diyos! " sabi naman ng isa.

“Halika, pasalamatan natin ang prinsipe sa pagpatay niya sa halimaw!” sabi ng pinuno ng bayan.

Nang umabot na si Prinsipe Bantugan sa kanyang kabinataan, siya ay naging pinakamagaling na sundalo sa kaharian. Lagi niyang pinamumunuan ang mga sundalo sa labanan. At lagi silang nagwawagi laban sa mga kalabang kaharian. Ang kanyang pangalan ay naging bukambibig ng lahat ng mga sundalo ng mga kalapit na kaharian. Hindi nagtagal ay wala nang kaharian na nangahas kumalaban sa kanila. Kapayapaan at pag-unlad ang naghari sa kaharian dahil natamo nila ang respeto at pagkilala ng mga kalapit kaharian.

Nang mamatay ang kanilang ama, ang kaniyang nakatatandang kapatid na si Prinsipe Madali ang hinirang na bagong hari. Nagkaroon ng protesta sa mga nasa ranggo. Nais nila na si Prinsipe Bantugan ang maging bagong hari. Kahit ang mga ordinaryong mamamayan ay nagsasabi na si Prinsipe Bantugan ang mas karapat-dapat maging hari sa dalawang prinsipe.

Si Prinsipe Bantugan ay matapang at malakas kaya niya tayong protektahan laban sa mga kaaway! sabi ng isang matanda sa pamilihan.

Sang-ayon ako sa iyo, sagot ng matandang lalaki.

Hindi ito pinansin ni Prinsipe Bantugan. Alam niya na ang kanyang kapatid ang karapat-dapat na tagapagmana ng trono dahil si Prinsipe Madali ang panganay sa kanilang dalawa. Siya mismo ang nagpatunay sa kanyang kapatid.

Nararapat lamang na ang kapatid ko ang maging bagong hari dahil napag-aralan na niya kung paano magpatakbo ng gobyerno, sinabi niya sa kapwa niya sundalo at mga ministro sa kaharian.

Alam niya kung paano ang pamamalakad sa ugnayang panlabas. At marami siyang magandang ideya upang mapaganda ang buhay ng bawat mamamayan!

Tumango na lamang ang mga ministro at mga kawal. Ngunit nagkaroon ng isang bitak sa pagitan ni Prinsipe Bantugan at Prinsipe Madali. Sapagkat si Prinsipe Bantugan ay hindi lamang matapang at malakas, siya rin ay napakakisig. Maraming magagandang babae sa kaharian ang nahuhumaling sa kanya. Kahit ang mga babaeng gusto ng kanyang kapatid na si Prinsipe Madali ay sumuko sa kanyang gayuma. Dahil sa galit at inggit, nagpahayag ang hari ng kautusan.

“Hindi ko gusto na kahit sino, kahit sino, ang makikipag-usap sa aking kapatid na si Prinsipe Bantugan. Sino man ang makita na nakikipag-usap sa kanya ay ipapakulong o kaya ay parurusahan ng malubha.”

Nalungkot si Prinsipe Bantugan sa iniutos ng kanyang kapatid. Nakita niya ang sarili na parang mayroong nakakahawang sakit. Lahat ay lumalayo sa kanya, kahit ang mga kababaihan. Kahit ang mga taong kanyang minahal. Walang gustong kumausap sa kanya sa takot na baka makulong at maparusahan ng hari. Dahil hindi na niya matagalan ang mga ito, nagpasiya ang prinsipe na lisanin ang kaharian at manirahan sa malayong lugar kung saan siya nanirahang habambuhay.

***Bantugan***

(Epikong Mindanao)

Si Prinsipe Bantugan ay kapatid ni Haring Madali sa kaharian ng Bumbaran. Ang prinsipe ay balita sa tapang at kakisigan, kaya't maraming dalaga ang naaakit sa kanya. Dahil sa pangyayaring ito, si Haring Madali ay naiinggit sa kapatid. Nag-utos siya na ipinagbabawal na makipag-usap ang sinuman kay Prinsipe Bantugan. Ang sinumang mahuling makipag-usap sa prinsipe ay parurusahan. Nalungkot si Prinsipe Bantugan at siya'y naglagalag, siya'y nagkasakit at namatay sa pintuan ng palasyo ng Kaharian ng Lupaing nasa Pagitan ng Dalawang Dagat. Ang hari rito at ang kapatid niyang si Prinsesa Datimbang ay naguluhan. Hindi nila kilala si Bantugan. Tumawag sila ng pulong ng mga tagapayo. Habang sinasangguni nila ang konseho kung ano ang gagawin sa bangkay, isang loro ang pumasok. Sinabi ng loro na ang bangkay ay si Prinsipe Bantugan na mula naman sa Bumbaran at ibinalita naman ang pangyayari kay Haring Madali.

Nalungkot si Haring Madali. Dali-dali siyang lumipad patungo sa langit upang bawiin ang kaluluwa ni Bantugan. Nang makabalik si Haring Madali, dala ang kaluluwa ni Bantugan, ay dumating din si Prinsesa Datimbang na dala naman ang bangkay ni Bantugan. Ibinalik ang kaluluwa sa katawan ni Bantugan. Nabuhay na muli si Bantugan at nagdiwang ang buong kaharian pati na si Haring Madali.

Samantala, nakarating naman ang balita kay Haring Miskoyaw na namatay si Bantugan, ang matapang na kapatid ni Haring Madali. Nilusob ng mga kawal niya ang Bumbaran. Itinigil ang pagdiriwang at nakilaban ang mga kawal ng Bumbaran. Nanlaban din si Prinsipe Bantugan subalit dahil sa siya ay nanlalata pa dahil sa bagong galing sa kamatayan, siya ay nabihag. Siya'y iginapos, subalit nang magbalik ang dati niyang lakas, nilagot ni Bantugan ang kanyang gapos at buong ngitngit niyang pinuksa ang mga kawal ni Haring Miskoyaw. Nailigtas ni Bantugan ang kaharian ng Bumbaran. Ipinagpatuloy ng kaharian ang pagdiriwang. Nawala na ang inggit sa puso ni Haring Madali. Dinalaw si Bantugan ang lahat ng mga prinsesang kanyang katipan. Pinakasalan niyang lahat ito at iniuwi sa Bumbaran na tinanggap naman ni Haring Madali nang malugod at buong galak. Namuhay si Bantugan ng maligaya ng mahabang panahon.

Alituntunin sa Paggamit ng PREZI

1. I-*type* sa URL box ang http://prezi.com/your/ saka pindutin ang *Enter sa keyboard*.
2. I-klik ang *icon* na *Create*.
3. Piliin naman sa pamamagitan ng pag-klik sa *Sign up* upang makaregister.
4. Sa ilalim ng pagpipiliang opsyon sa pagbuo ng account, matatagpuan ang *icon* na *Students & Teachers*. Sa ilalim nito i-klik ang *Educational licenses* para sa libreng paggamit.
5. Piliin ang *Edu Enjoy* at i-klik ang *Continue.*
6. I-*type* sa kahon ang iyong *e-mail address* saka i-klik ang *Verify.*
7. Tingnan ang iyong *e-mail* para sa *Verification Message* saka i-klik ang *verification link*.
8. I-*type* ang iyong pangalan at apelyido at ang piniliing password. I-klik ang *Agree* saka ang *Sign up*.
9. Bilang pasimula sa pagbuo ng presentasyon, i-klik ang *New Prezi.*
10. Pumili *template* tapos i-klik ang *Use Template*.
11. Maaari ka nang magsimula sa pagbuo ng iyong presentasyon. Maaaring gamitin ang mga inaalok na opsyon upang higit na makabuo ng mabuting produkto.
12. I-klik ang *Save* pagkatapos ng pagbuo.
13. I-klik ang *Download* as PDF.
14. Palitan ng Prezi_3Epiko_ApelyidoPangalan ang pamagat ng file.

**Gawain 13: Kariton Project/ CNN Hero**

Sinuri mo sa naunang gawain ang tatlong epiko na nagpakilala sa tatlong magkakaibang bayani sa panitikan ng Mindanao. Kaugnay nito, panoorin ang *video clip* na ito http://www.youtube.com/watch?v=oBTb5iAFLrE ukol sa paggawad kay Efren Peñaflorida bilang CNN Hero of the Year noong 2009 para sa kanyang *Kariton Education Project* sa ilang mga lugar sa Luzon. Bumuo ng isang sulating naghahayag ng iyong reaksyon kaugnay ng kinilalang kabayanihan ni Efren at ang pakikipaglaban ng kanyang proyekto sa iba't ibang halimaw na suliranin sa lipunan.

**PAPEL- REAKSYON**

ISUMITE

**Gawain 14:Self-Check**

Tugunan ang sumusunod na tanong bilang paglalagom sa iyong pagtamo at pagkaunawa ukol epiko at kabayanihan.

| | |
|---|---|
| Paano mo makikilala ang isang bayani? | |
| Paano ka magiging bayani? | |
| Bakit kailangan ng bayani? | |

ISUMITE

**Gawain 15: *IRF Worksheet***

Sa pagkakataong ito, tugunan mo ang bahaging F o *Final* ng *IRF Worksheet* upang mailarawan mo at mapangatuwiranan nang ganap ang uri ng bayaning kailangan ng Pilipinas sa kasalukuyan. Maaaring magbago ang iyong sagot. Magbigay ng mga halimbawa sa iyong paliwanag.

**IRF WORKSHEET**

| Anong uri ng bayani ang kailangan para sa kapayapaan sa Mindanao at sa kabuuan ng Pilipinas? Bakit? |
|---|
| **Initial Answer** |
| |
| **Revised Answer** |
| |
| **Final Answer** |
| |

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang iyong isinaalang-alang sa pagtukoy sa uri ng bayani na kailangan ng Pilipinas sa kasalukuyan? Bakit?

2. Paano masosolusyunan ng bayaning ito ang suliraning pangkapayapaan sa Mindanao?

3. Kakayanin ba ng iisang bayani ang pagbibigay-solusyon sa mga suliranin ng Pilipinas? Bakit?

4. Papaanong matutugunan ng BAYANIHAN ang katangian ng tinukoy mong BAYANIng kailangan ng bansa?

ISUMITE

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Napatunayan mo nang mahalaga ang natamo mong kaalaman at pag-unawa sa pagsusuri at pag-uugnay sa epiko at sa kasalukuyan. Sa iba't ibang gawaing PAGPAPALALIM, may mga pag-uulit ng kaalaman at pag-unawa na iyong natamo. Nagawa mo ring isabuhay ang mga pag-unawa at kasanayang iyong natamo kaya nagawa mong bumuo ng sarili mong kahulugan ng pagiging bayani. Tumuloy ka na sa huling bahagi ng modyul na ito – ang PAGLILIPAT.

BUMALIK SUSUNOD

## PAGLILIPAT

Matapos mong patunayan na sinasalamin ng epiko hindi lamang ang karanasan ng sinaunang mamamayan sa Pilipinas kundi pati ng kasalukuyan, ililipat mo ngayon ang iyong mga natutuhan at naunawaan sa pamamagitan ng pagpapatunay sa mga kakayahang natamo. Isaalang-alang sa iyong sarili ang mga kasanayan at mahahalagang pag-unawang iyong natamo sa araling ito. Simulan mo na ang gawaing inihanda.

**Gawain 16: Bayanihan Para sa Mindanao**

Bumuo ng isang sulating nagtatampok sa isa sa sumusunod: Tawi-Tawi, Cotabato at Maguindanao. Layunin mong hikayatin ang mga mambabasa na makibayanihan upang makaambag sa higit na kaunlaran ng mga lalawigang ito.

1. Magsaliksik tungkol sa napili mong lalawigan mula sa tatlong itinakda.
2. Bigyang-pansin sa iyong pananaliksik ang kasaysayan ng lalawigan, ekonomiya, paraan ng pamumuhay, pamamahala, usaping pangkapayapaan at aspektong panturismo, edukasyon at pamamahala.
3. Sa bubuuing sulatin, tiyaking itatampok ang natatanging aspekto ng lalawigan partikular sa panturismo; at ang pakikipagsapalaran ng lalawigan upang makaahon sa maraming suliranin.
4. Gamitin ang iyong natutuhan sa pagbibigay-opinyon, at pagpapahayag ng sanhi at bunga.
5. Tuparin din ang tatlong bahagi ng sanaysay: panimula, katawan at wakas.
6. Pumili ng isang angkop na pamagat.
7. Itataya ang iyong gawa gamit ang checkbrik na sa ibaba:

**Checkbrik sa Pagbuo ng Sulatin**

| PAMANTAYAN | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman**<br>Dapat mailahad sa sulatin ang mga tunguhing panturismo ng lalawigan at pagsasalaysay sa karanasan ng lalawigan na harapin ang iba't ibang suliranin bilang patunay ng katatagan ng lalawigan. | | | | |
| **Pagpapahayag**<br>Malinaw ang pagpapahayag lalo na't mabisa ang ginawang pagbibigay ng opinyon, at paglalad ng sanhi at bunga. | | | | |
| **Bahagi ng sanaysay**<br>Mabisa at kaakit-akit ang simula ng sulatin. Malaman ang katawan. Nagbubuod ang wakas at nanghihikayat. | | | | |
| **Gramatika**<br>Isinakatuparan ang wastong pagbaybay at gamit ng mga salita, pagbabantas at pag-uungnay-ugnay ng mga kaisipang ipinahayag. | | | | |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Natupad mo na ang inaasahang pagganap sa araling ito. Sa iyong pagbuo ng sulating kinakailangan, naisakatuparan mo ang mga kasanayan sa pananaliksik, paghihimay ng impormasyon, nagawa mong magbigay-opinyon at magpahayag ng sanhi-bunga, at tiniyak ang mga angkop na tuntuning panggramatika. Hindi ka lamang bumuo kundi nagtampok ka rin ng isang lalawigan, nakaambag ka sa pagpapakilala sa kagandahan ng pinili mong lalawigan.

Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na aralin.

**BUMALIK** **SUSUNOD**

Simula ng Aralin 3

**Aralin 3:** **Panitikan**: ***Arkat a Lawanen*** (dula)
**Wika**: Mga Pangungusap na Walang Tiyak na Paksa

**PAGTUKLAS**

Nakapanood ka na ba ng pagtatanghal na nagtatampok sa kultura't kasaysayan ng Mindanao? Sa araling ito, manonood ka ng isang pagtatanghal mula at ukol sa kaugalian at paniniwala ng mga taga-Mindanao. Kaya sisimulan mo ang araling ito sa pamamagitan ng paghahayag sa iyong mga nabatid na kaugaliang Mindanaoan sa unang dalawang aralin. Sa araling ito, layunin mong maunawaan kung paano at bakit nagkaroon ng hidwaan sa Mindanao buhat pa noong panahon ng mga katutubo hanggang sa kasalukuyan. Inaasahang masasagot mo ang mga tanong na ito: *Paano nakaaambag sa kaguluhan sa Mindanao ang interes ng iba't ibang tao sa Pilipinas? Bakit mahalaga para sa mga Pilipino na alamin at makialam sa usapin ng Mindanao?*

**Gawain 1: Mga Kaugalian**

Magbalik-tanaw sa unang dalawang aralin na iyong isinagawa  sa pamamagitan ng pagtugon sa grapikong pantulong sa ibaba.

**3 Kaugaliang MIndanaoan na Nabatid**

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang natatangi sa mga kaugaliang ito kaya't ito ang higit mong nabatid laban sa iba? Bakit?

2. Paano mo nakikitang makabuluhan ang mga kaugaliang ito para sa lipunan?

3. Bakit kailangang mabatid ng mga Pilipino ang mga kaugaliang ito ng mga taga-Mindanao?

4.Bakit mahalagang alamin at makialam ang mga Pilipino sa usapin ng Mindanao?

ISUMITE

**Gawain 2: Generalization Table**

Isulat sa hanay na *My Initial Thoughts* ang iyong kaalaman o persepsyon ukol sa (1) dahilan ng digmaan sa Mindanao, (2) papel na ginagampanan ng babae sa digmaan at (3) kaugalian ng mga katutubo ng Mindanao tungo sa digmaan batay sa kasaysayan. Itong hanay lamang muna ang iyong pupunan sa gawaing ito.

| GENERALIZATION TABLE | | | | |
|---|---|---|---|---|
| MY INITIAL THOUGHTS | MY FINDINGS AND CORRECTIONS | SUPPORTING EVIDENCE | QUALIFYING CONDITIONS | MY GENERALIZATION |
| (Dahilan ng mga Digmaan sa Mindanao) | | | | |
| (Papel ng Babae sa Digmaan sa Mindanao) | | | | |
| (Kaugalian ng mga katutubo ng Mindanao tungo sa Digmaan batay sa Kasaysayan) | | | | |

SAVE

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nasukat mo ang iyong kaalaman at pananaw ukol sa digmaan sa Mindanao nang tugunan mo ang mga gawain sa bahaging PAGTUKLAS. Nasubok mo ang iyong kakayahan sa pagbabalik-tanaw sa mga pinahalagahang kaalaman at pag-unawa, at inilahad mo ang iyong kaalaman ukol sa mga pag-uugaling Mindanaoan. Upang higit mong makilala at makintal ang kamalayan ukol sa Mindanao sa pamamagitan ng mga akdang Mindanaoan, tumuloy ka sa mga kasunod na gawain.

BUMALIK SUSUNOD

## PAGLINANG

Marahil may ilang bagay pang sumagi sa iyong isipan habang kinukundisyon mo ang iyong sarili sa pag-aaral ng panitikang Pilipino buhat sa Mindanao. Mahalagang natutukan mo ang unang dalawang gawain sa PAGTUKLAS dahil sa bahaging ito, layunin mong unawain ang kasaysayan ng mga mamamayan sa Mindanao sa pamamagitan sa pag-aaral ng kanilang dula. Mahaharap ka sa serye ng mga gawaing gagabay, magpapayaman at susubok sa iyong pag-unawa at pagpapahalaga kaugnay ng dulang Mindanaoan.

**Gawain 3: Sayaw na Singkil**

Panooring mabuti ang pagtatanghal ng sayaw na singkil. I-klik ang *link* na ito: http://www.youtube.com/watch?v=_qG0bjUxWAk. Sa iyong panonood, kilatisin ang gawi ng pangunahing mamanayaw na lalake at babae sa kanilang pagtawid sa nag-uumpugang kawayan. Sagutin ang mga tanong kaugnay ng *videong* napanood.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Sino ang sinasagisag ng pangunahing babaeng mananayaw? Bakit?

2. Sino ang sinasagisag ng pangunahing lalakeng mananayaw? Bakit?

3. Paano ang ugnayan ng pangunahing lalakeng mananayaw sa babaeng mananayaw?

4. Ano ang sinasagisag ng pamaypay ng pangunahing babaeng mananayaw? Bakit?

5. Ano ang sinasagisag ng espada ng pangunahing lalakeng mananayaw? Bakit?

6. Ano ang sinasagisag ng mga nag-uumpugang kawayan? Bakit?


7. Paano sinasalamin ng sayaw ang pakikipagsapalaran ng babae’t lalake para lamang ipagtanggol ang pag-ibig sa isa’t isa?

8. Bakit mahalagang unawain ng mga Pilipino ang katutubong sayaw ng Mindanao?

ISUMITE

**Gawain 4: *Word Web***

Punan ng mga kaisipan o konseptong maiuugnay mo ukol sa dula ang *word web* sa ibaba. Sa pamamagitan nito, mapagbibigay ka ng iyong sariling persepsyon ukol sa panitikang padula.




ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang dula? Ilarawan.

2. Ano-anong dula na ang iyong napanood? Ilahad.

3. Ano-ano ang katangian ng dula? Ipaliwanag.

4. akit ang mga konsepto o kaisipang ito ang sumagi sa iyong isipan kaugnay ng dula?

5. Alin sa iyong mga itinala ang pinakamahalagang konsepto kaugnay sa dula? Bakit?

6. Ano-ano ang gusto mong alamin tungkol sa dula? Bakit?

7. Ano-ano ang mga gusto mong matutuhan buhat sa mga dula ng Mindanao? Bakit?

8. Paano mo nakikitang magiging makabuluhan sa hinaharap ang dula?

BUMALIK

SUSUNOD

**Gawain 5: Elemento ng Dula**

Magsaliksik ukol sa mga elemento ng dula. Punan ng impormasyon ang *worksheet* sa ibaba.

| ELEMENTO NG DULA | KATANGIAN | HALIMBAWA | PAGPAPAKAHULUGAN |
|---|---|---|---|
| Tagpuan | | | |
| Tauhan | | | |
| Banghay | | | |
| Panimula | | | |
| Badya ng Suliranin | | | |
| Saglit na Kasiglahan | | | |
| Kasukdulan | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kakalasan | | | |
| Wakas/Resolusyon | | | |
| Tunggalian/Suliranin | | | |
| Tema | | | |
| Diyalogo | | | |
| Ilaw | | | |
| Musika | | | |

**ISUMITE**

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano magkaugnay ang suliranin ng dula sa kasukdulan at mga tunggalian nito?

2. Paano nakatutulong ang diyalogo sa paglalantad ng damdamin, kaisipan at pananaw ng mga tauhan?

3. Paano tinutukoy ang tema ng isang dula?

4. Paano magkaugnay ang suliranin at wakas/resolusyon ng isang dula?

5. Sa anong mga elemento o bahagi ng dula makukuha o mababatid ng mga manonood ang kakintalang itinatampok nito? Bakit?

6. Paano higit na mapahahalagahan ang dulang pinanonood?

**ISUMITE**

Panoorin ang dulang *Arkat a Lawanen* na hango sa mga epikong *Darangan* ng Mindanao na itinanghal ng Sining Kambayoka ng Mindanao State University.

.

***ARKAT A LAWANEN***

**Bahagi 1** http://www.youtube.com/watch?v=y2kWaeDzE70

- Ipakikilala sa unang bahagi ang mahahalagang tauhan sa dula at paglalahad ng suliraning itinakda sa dula.

**Bahagi 2** http://www.youtube.com/watch?v=H9Ej0qDmexU

- Sa bahaging ito inihayag ni Arkat a Lawanen ang kanyang pananaw ukol sa digmaan. Sa bahagi ring ito inilahad ang may pakana ng suliranin sa dula.

**Bahagi 3** http://www.youtube.com/watch?v=ngwgaLF9WtE

- Dinakip ni Ayonan Salindagaw, isang masamang pinuno, si Arkat a Lawanen sa bahaging ito ng dula.

**Bahagi 4** http://www.youtube.com/watch?v=bRFjfe3cPWg

- Sa bahaging ito ng dula natuklasan ng mga kapatid ni Arkat a Lawanan at ni Prinsipe Mabaning ang pagkawala ni Arkat a Lawanen.

**Bahagi 5** http://www.youtube.com/watch?v=hrCK7sv2eAc

- Napagdesisyunan ni Mabaning na sagipin mula sa masasamang kamay ni Ayonan Salindagaw si Arkat a Lawanen. Humingi siya ng basbas ng mga diyos at diyosa sa kalangitan.

**Bahagi 6** http://www.youtube.com/watch?v=KJvb13SZ7ns

- Matutunghayan sa bahaging ito ang epekto ng pagdakip kay Arkat a Lawanen hindi lamang sa kanyang kaanak at kasintahan kundi pati sa mamamayan ng Bembaran.

**Bahagi 7** http://www.youtube.com/watch?v=4ZPvLsbMTVg

- Dumating sa Salindagaw si Mabaning sa kanyang paglalakbay upang sagipin ang sinisintang si Arkat a Lawanen.

**Bahagi 8** http://www.youtube.com/watch?v=td3uIOLHr5U


- Nagkaharapan din si Mabaning at Salindagaw. Iginiit ni Mabaning na dapat niyang makuha si Arkat a Lawanen saka nagsimula ang mainit na pagtatalo.

**Bahagi 9** http://www.youtube.com/watch?v=4LiQFfRMTHY

- Naganap sa bahaging ito ang kasukdulan ng dula, ang sagupaan ng mga mandirigma, at resolusyon ng suliranin.

**Gawain 6:*Timeline***

Ilahad sa *timeline* ang daloy ng mga pangyayari sa dulang *Arkat a Lawanen*. Ilahad kung paano nagsimula ang dula, mga kasunod na pangyayari, at kung paano ito nagwakas.




ISUMITE



Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano nagsimula ang dula?

2. Paano inilahad ang suliranin?

3. Paano nakaapekto ang suliranin sa kabuuan ng dula?

4. Paano tinugunan ng mga tauhan ang suliraning kinakaharap?

5. Ano-anong ritwal ang isinagawa ng mga pangunahing lalakeng tauhan bago sila sumabak sa labanan? Ilarawan.

6. Ano ang sinasagisag ng pagtatali ng pulang binilot na panyo sa ulo ng isang mandirigma? Ipaliwanag.

7. Ano-anong tunggalian mayroon sa dula? Ilahad ang mga ito.

8. Ano ang tunay na suliranin sa dula? Bakit?

9. Paano sinasalamin ng suliranin at tunggalian sa dulang napanood ang mga suliranin at tunggalian sa Mindanao?

10. Paano ipinagtatanggol ng mga katutubo ng Mindanao ang kanilang mga ari-arian at angkan batay sa napanood na dula?

11. Anong papel ang ginagampanan ng kababaihan sa panahon ng digmaan? Bakit?

12. Ano ang kasukdulan ng dula? Isalaysay.

13. Paano nagwakas ang dula?

14. Aling bahagi ng dula ang tumatak sa iyo? Bakit?

**ISUMITE**

**Gawain 7: I-Prezi Mo**

Suriin ang elemento ng dulang *Arkat a Lawanen* sa pamamagitan ng paglahad nito gamitin ang www.prezi.com. Ipadala sa *e-mail address* ng iyong guro ang *link* ng iyong ginawang presentasyon.

Alituntunin sa paggamit ng Prezi

1. I-*type* sa URL box ang http://prezi.com/your/ saka pindutin ang *Enter* sa *keyboard.*

2. I-klik ang *icon* na *Create.*
3. Piliin naman sa pamamagitan ng pag-klik sa "Sign up" upang makaregister.
4. Sa ilalim ng pagpipiliang opsyon sa pagbuo ng *account*, matatagpuan ang *icon* na *Students & Teachers*. Sa ilalim nito i-klik ang *Educational licenses* para sa libreng paggamit.
5. Piliin ang *Edu Enjoy* at i-klik ang *Continue.*
6. I-*type* sa kahon ang iyong *e-mail address* saka i-klik ang *Verify.*
7. Tingnan ang iyong *e-mail* para sa *Verification Message* saka i-klik ang *verification link.*
8. I-*type* ang iyong pangalan at apelyido at ang piniliing *password*. I-klik ang *Agree* saka ang *Sign up.*
9. Bilang pagsimula sa pagbuo ng presentasyon, i-klik ang *New Prezi.*
10. Pumili ng *template* tapos i-klik ang *Use Template*.
11. Maaari ka nang magsimula sa pagbuo ng iyong presentasyon. Maaaring gamitin ang mga inaalok na opsyon upang higit na makabuo ng mabuting produkto.
12. I-klik ang *Save* pagkatos ng pagbuo.
13. I-klik ang *Download* as PDF.
14. Palitan ng Prezi_Dula_ApelyidoPangalan ang pamagat ng file.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Anong kaisipan ang nais mong mabatid ng mga manonood ng *dulang Arkat a Lawanen* sa ginawa mong presentasyon? Bakit?

2. Ano ang mahalagang aral na dapat mabatid ng mga manonood ng dulang *Arkat a Lawanen*? Bakit?

| |
|---|
| |

3. Paano mauunawaan ng mga manonood ang kaugalian tungo sa pagtatanggol ng angkan ng mga katutubo ng Mindanao?

| |
|---|
| |

4. Paano pinatutunayan ng dulang *Arkat a Lawanen* ang pag-aari ng mga katutubo ng Mindanao sa kanilang mga lupain bago pa man dumating ang mga mananakop?

| |
|---|
| |

ISUMITE

**Gawain8: Hangarin ni *Arkat A Lawanen***

Suriin ang mga ipinahayag ni Prinsesa Arkat a Lawanen kaugnay ng kanyang pananaw ukol sa digmaan, kayamanan at dignidad.

| MGA PAHAYAG NI *ARKAT A LAWANEN* | MAHAHALAGANG KAISIPAN | KAHULUGAN |
|---|---|---|
| *"Masaya ako dahil darating na ang aking sinta. Subalit hindi ako masaya sa ginagawa nila."* | | |
| *"Oo, naging kaugalian na natin ang manakop ng kaharian ng iba at gawing alipin ang mga kababaihan. Ano kaya kung sa atin mangyari iyon? Mapait at masakit."* | | |
| *"Mapait dahil magiging alipin tayo. Tagasilbi sa ating magiging amo. Mararanasan natin ang pangungutya.* | | |

| | | |
|---|---|---|
| *At higit sa lahat magiging taga-linis tayo, taga-luto at maging taga-laba. Mawawalan tayo ng respeto sa sarili."* | | |
| *"Anong silbi ng mga perlas, ginto at diyamante kung ang mga iyan ay may bahid ng dugo at isa pa karahasan ang paraan kung paano tayo nagkaroon niyan."* | | |
| *"Tayo ay nabuhay sa karangyaan sa pamamagitan ng masamang paraan. Hindi ko maatim na maisuot ang mga iyan."* | | |
| *"Hay matatabak ang mga kalalakihan. Hindi sila sumasang-ayon sa ating mga kababaihan kung ano ang gusto natin sa kanilang buhay. Kung nagugustuhan ba natin ang ginagawa nila. Para bang palamuti na lang tayo sa kahariang ito."* | | |
| *"Ito ang sinasabi ng aking puso. Dapat pag-uunawaan. Dapat pantay-pantay at walang lamangan. Masama ang giyera sa ating mga kababaihan maging sa mga bata at matatanda. Kung walang giyera, walang masasawimpalad."* | | |
| *"Hindi natin madadala sa libingan iyan (kayamanan). Pabigat lang iyan sa ating kaluluwa."* | | |
| *"Pagmamahalan at pag-uunawaan lang ang kailangan para lahat tayo dito sa Berbaran ay mabuhay nang mapayapa."* | | |

**ISUMITE**

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Anong uri ng babae si Arkat a Lawanen? Ilarawan.

2. Ano ang masasabi mo sa kanyang pananaw ukol sa digmaan? Bakit?

3. Bakit nais ni Arkat a Lawanen na pakinggan ng mga lalake ang kagustuhan ng mga babae para sa kanila?

4. Bakit nasabi ni Arkat a Lawanen na kung may giyera kawawa ang kababaihan, mga bata at matatanda?

5. Bakit sinabi ni Arkat a Lawanen na pabigat lamang sa kaluluwa ang mga kayamanan?

6. Ano ang hinahangad ni Arkat a Lawanen? Bakit?

7. Paano niya nakamit ang hangad niyang pagmamahalan at pag-uunawaan sa pagitan ng mga kaharian?

8. Ano ang pananaw ni Arkat a Lawanen sa dapat na iasal ang mga maharlika? Bakit?

9. Paano sinasalamin sa Pilipinas sa kasalukuyan ang hangad ni Arkat a Lawanen na kapayapaan sa pagitan ng magkakaibang pangkat ng tao sa iisang bansa?

10. Bakit mahalaga para sa mga Pilipino na alamin at makialam sa usaping pangkapayapaan sa Mindanao?

**ISUMITE**

**TANDAAN**



**Pangungusap na Walang Tiyak na Paksa**

May mga pangungusap na walang tiyak na paksa ngunit may ipinahahayag na tiyak na diwa.

- *Eksistensyal* – nagpapahayag ng pagkaroon; gumagamit ng mga salitang ‘may’ o ‘mayroon’ bilang panimula ng pangungusap
  May bahaghari.
  May masamang mangyayari.

- *Pahanga*
  Ang ganda mo talaga.
  Kay ganda ng tanawin.
  Ang galing sumayaw.

- *Sambitla/Padamdam*
  Huwag!
  Hindi!
  Ano?
  Aray!
  Sunog.

- *Pamanahon*
  Umuulan.
  Dumidilim.
  Bukas.
  Gabi na.

- *Pormularyong panlipunan/pagbati*
  Mabuhay!
  Magandang gabi.
  Salamat po.
  Maligayang pagdating!

**Gawain 9: Giyera = Kayamanan**

I-*post* sa *discussion board* ang iyong opinyon sa sinabi ng isa sa mga babaeng tauhan sa dulang *Arkat a Lawanen* na "***Kung walang giyera, wala tayong kayamanan***." Ano ang pananaw mo rito kaugnay ng patuloy na digmaan sa Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo?

**Mag-post sa discussion board tungkol sa gawaing ito. I-klik ang link upang mag-post.**



**Gawain 10: Hangad na Kapayapaan**

Ipaliwanag ang hinalaw na saknong ng huling awit sa dulang *Arkat a Lawanen*. Sagutin ang mga kasunod na tanong.

| Saknong | Mahahalagang Kaisipan | Mensahe |
|---|---|---|
| Tayo na't magkaisa<br>Itayo ang bagong banua<br>Itanim ang kapayapaan<br>Sa kaharian ng maharlika | | |

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Anong ibig sabihin ng salitang ‘banua’?

2. Ano ang nais ipahiwatig na “Itanim ang kapayapaan sa kaharian ng maharlika”?

3. Sino-sino ang maituturing na maharlika sa kasalukuyan? Bakit?

4. Ano ang maituturing na banua sa kasalukuyan? Bakit?

5. Ano ang mahalagang kaisipang dapat mabatid ng mga Pilipino buhat sa saknong sa itaas? Bakit?

**ISUMITE**

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Napalawak mo na ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol sa dulaan sa Mindanao sa pamamagitan ng *Arkat a Lawanen*. Napag-alaman mong may mga aspekto ng kulturang Mindanaoan ang dati nang naroon bago pa man dumating ang mga Kastila. May mga nagbago at may mga nanatili pa ring kaugalian. Ngayon, higit mong palalimin ang iyong kaalaman at pag-unawa sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing magpapatunay.


BUMALIK SUSUNOD

PAGPAPALALIM

Natamo mo na sa bahaging PAGLINANG ang sapat na impormasyon upang maunawaan mo ang kabuluhan ng dulaang Mindanaoan sa pagkilala ng mga Pilipino sa kaugalian ng mga taga-Mindanao. Ngayon naman, paigtingin ang hawak mo ng kaalaman at pag-unawa ukol sa paksa sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawaing magpapatunay sa iyong kaalaman at pag-unawa.

**Gawain 11: Digmaan sa Bembaran, Zamboanga at Sulu**

Magsaliksik ukol sa mga digmaang naganap sa Lungsod ng Zamboanga at probinsiya ng Sulu sa Mindanao. Ilarawan ang mga digmaang naganap sa dalawang lugar at ang digmaang naganap sa Bembaran. Paghambingin ang mga ito at saka sumulat ng isang paglalahat na naghahayag ng iyong natuklasan.





**PAGLALAHAT**

Sa aking ginawang pagsusuri, natuklasan kong ________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

**ISUMITE**

**Gawain 12: *Venn Diagram***

Ihambing ang iyong sarili sa isa sa mga tauhan sa dulang *Arkat a Lawanen*. Tukuyin ang inyong pagkakaiba at pagkakatulad.




ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Bakit mo nasabing may pagkakatulad kayo ng tauhan sa dula?

2. Paano mo balak pakinabangan ang katangiang taglay mo para sa ikabubuti ng marami?

3. Paano dapat nakikilala ng mga Pilipino ang kanilang sarili sa mga panitikang kanilang tinatangkilik?

| |
|---|
| |

4. Ano-anong hakbang ang dapat gawin upang muling mahikayat sa mga Pilipino lalo na ang kabataan na magbasa at pahalagahan ang mga panitikang Pilipino?

| |
|---|
| |

ISUMITE

**Gawain 13: Digmaan sa Sarili**

Gamitin ang iyong *online journaling* sa http://www.my-diary.org/, bumuo ng isang sulating pagninilay (reflection essay) kaugnay ng mga personal na pakikidigma sa mga hamong kinakaharap mo at ng iyong pamilya sa bawat araw. Ipadala ang *link* ng iyong dyornal sa *e-mail* ng iyong guro. Inaasahang masasagot mo sa iyong dyornal entri ang sumusunod na pagninilay na tanong :

- Ano-ano ang aking mga personal na suliranin na nagtutulak sa akin na makidigma araw-araw? Bakit?
- Paano ko hinaharap ang mga pakikidigmang ito upang ako'y magtagumpay?
- Paano ako nakatutuwang sa pakikidigma ng iba pang miyembro ng aking pamilya sa mga personal nilang pakikidigma sa araw-araw?
- Sino sa aking pamilya ang nagsisilbing Prinsesa Arkat a Lawanen na tumatayong tanglaw sa madidilim na situwasyong nauudyok ako at aking pamilya na piliin ang maling paraan upang maresolba ang mga problema? Bakit?
- Paano ko nakikita ang aking sarili sa pakikidigma sa marami pang suliranin sa hinaharap?

**Gawain 14: Generalization Table**

Sinagot mo sa bahaging PAGTUKLAS ang unang hanay ng *Generalization Table* kung saan inilahad mo ang iyong persepsyon ukol sa (1) dahilan ng digmaan sa Mindanao, (2) papel na ginagampanan ng babae sa digmaan at (3) kaugalian ng mga katutubo ng Mindanao tungo sa digmaan batay sa kasaysayan. Batay sa iyong mga natuklasan at natutuhan sa mga gawain sa bahagi ng PAGLINANG at naunang mga gawain sa

PAGPAPALALIM, ilahad ang iyong mga natuklasan o natutuhan sa bahagi ng *My Findings and Correction* kaugnay ng iyong sagot sa naunang hanay. Magsaad ng ebidensiya o patunay sa hanay ng *Supporting Evidence* kaugnay ng inilahad na pagtuklas at pagwawasto. Sa hanay ng *Qualifying Conditions*, isulat kung sa aling mga pagkakataong totoo o hindi totoo ang iyong mga persepsyon ukol sa tatlong paksa na itinakda. Batay sa mga impormasyon, persepsyon, kaisipan at katotohanang nabatid ukol sa tatlong paksa, bumuo ng isang paglalahat na sumasagot sa tanong na: *Ano ang dapat maunawaan ng mga mamamayan ukol sa mga nararanasang digmaan sa Mindanao? Bakit?*

| GENERALIZATION TABLE | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **MY INITIAL THOUGHTS** | **MY FINDINGS AND CORRECTIONS** | **SUPPORTING EVIDENCE** | **QUALIFYING CONDITIONS** | **MY GENERALIZATION** |
| (Dahilan ng mga Digmaan sa Mindanao) | | | | |
| (Papel ng Babae sa Digmaan sa Mindanao) | | | | |
| (Kaugalian ng mga katutubo ng Mindanao tungo sa Digmaan batay sa Kasaysayan) | | | | |

ISUMITE

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Napatunayan mong mahalaga ang natamo mong kaalaman at pag-unawa sa pagsusuri at pag-uugnay sa dulang Mindanao sa lipunang Pilipino sa kasalukuyan. Sa iba't ibang gawain sa PAGPAPALALIM, may mga pag-uulit ng kaalaman at pag-unawa ang iyong natamo. Tumuloy ka na sa huling bahagi ng araling ito – ang PAGLILIPAT.

BUMALIK SUSUNOD

Matapos mong patunayan na sinasalamin ng dulang Mindanaoan hindi lamang ang karanasang Mindanaoan kundi pati ng Pilipino sa kabuuan, ililipat mo ngayon ang iyong mga natutuhan at naunawaan sa pamamagitan ng pagpapatunay sa mga kakayahang natamo. Isaalang-alang sa iyong sarili ang mga kasanayan at mahahalagang pag-unawa na iyong natamo sa araling ito. Simulan mo na ang gawain sa PAGLILIPAT.

**Gawain 15: Lathalaing *Travelogue***

TASK

Isa sa mga naging biktima ng digmaan ang lalawigan ng Zamboanga sa Mindanao. Bunsod nito, nakaapekto ang digmaan sa ekonomiya, turismo at buhay ng maraming mamamayan. Ngunit tulad ng kahit na sinong umaahon mula sa kalugmukan, bumabangon ang Zambaoanga. Kaya sa gawaing ito, bubuo ka ng isang *travelogue* ukol sa isa sa mga bayan sa Zamboanga Peninsula upang muling buhayin at pasiglahin ang turismo sa lalawigan.

**Lathalaing *Travelogue***

Gamitin ang mga natutuhan sa pagsulat ng sanaysay, pagpapahayag ng sanhi at bunga, at pagpapatunay, bumuo ng isang lathalaing *travelogue* na nagtatampok sa isa sa mga lugar sa  Zamboanga Peninsula bilang isang tunguhang panturismo. Layunin mong hikayatin ang iyong mga kababayan na mamasyal sa Zamboanga sa samu't saring dahilan. Upang higit na maging malikhain ang iyong bubuuing *travelogue*, magsanib sa pamamaraang angkop ng mga hinalaw na bahagi ng tekstong pampanitikan (tula, alamat, kwentong bayan at iba pa) mula sa Zamboanga. I-*upload* ang iyong sanaysay sa www.jimdo.com. Ipadala ang link sa iyong guro.

Alituntunin sa Paggamit ng www.jimdo.com

1. Puntahan ang site na http://www.jimdo.com/.
2. I-klik ang *Create Your Own Website*.
3. I-*scroll down* ang pahina at pumili ng nais na *website template*.
4. I-*type* ang ibig mong pangalan ng *website* kasunod ng .jimdo.com.
5. I-*type* ang iyong *email address* saka ang iyong *password.*
6. Tandaan ang Log In account mo at password para sa mga kasunod pang paggamit.
7. Irepaso ang *Terms and Reference*, and *Privacy Policy*.
8. I-klik ang *Yes, I have reviewed the fascinating Terms and Reference*...
9. I-klik ang *Create Your Website* nang masimulan ang pagbuo sa *website*.
10. I-*type* ang mga karakter na makikita sa larawan sa *screen* saka i-klik ang *Start Website.*
11. Maaari mo nang simulan ang paggamit sa pamamagitan ng pag-klik sa *New Entry.*
12. I-klik ang *Publish* matapos matiyak ang *blog entry*.

## RUBRIK SA PAGMAMARKA

| PAMANTAYAN | Katangian (4 puntos) | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| **MASAKLAW NA NILALAMAN** | Sapat ang sakop na mga impormasyong (pangkasaysayan, kultural, pang-ekonomiya at panturismo) inilalahad kaugnay ng itinatampok na rehiyon sa Mindanao bilang tunguhing panturismo. | | | | |
| **PAGKAMA-LIKHAIN** | Orihinal ang pagkakasulat sa teksto dahil gumamit ng iba't ibang matatalinhaga at malikhaing pagpapahayag, mapang-akit ang panimula't wakas, at nagsanib ng mga tekstong hinalaw mula sa mga panitikan ng itinatampok na rehiyon. | | | | |
| **KAPAKI-PAKINABANG NAG AGENDA** | Praktikal para sa Mindanao ang inilahad na agendang panturismo sa itinatampok na rehiyon | | | | |
| **MABISANG PAGPAPAHAYAG** | Malinaw ang ginawang paglalahad at paglalarawan sa iba't ibang impormasyon kaugnay ng itinatampok. May kaisahan ang daloy ng mga pahayag sa kabuuan ng teksto. | | | | |
| **GAMIT NG WIKA** | Mahusay ang pagkakasulat dahil sinusunod ang mga alintuntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) sa lahat ng pagkakataon. | | | | |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa pagtatapos sa bahaging ito ng modyul, nagawa mong ilathala sa *social networking site* ang iyong sulating nagtatampok sa isa sa mga lugar sa Zamboanga Peninsula. Isinakatuparan mo rin ang iyong kaalaman at pang-unawa ukol sa kasaysayan ng Mindanao at mga panuntunan sa gramatika at pagpapahayag.

Ngayong handa ka nang magpatuloy sa mga susunod na aralin.

**BUMALIK** **SUSUNOD**

Simula ng Aralin 4

**Aralin 4** : **Panitikan**: ***Manik Buangsi*** (kuwentong bayan)
**Wika**: **Pahayag na Nagpapatunay**

## PAGTUKLAS

Sisimulan mo ang araling ito sa paglalahad ng iyong naaalalang kuwento mula o ukol sa Zamboanga at pagsubok sa iyong kaalaman kaugnay ng mga kuwentong mula sa Mindanao.

Sa araling ito, layunin mong bumuo ng isa pang *travelogue* na nagtatampok ng mga hinalaw na teksto mula sa mga akdang pampanitikan sa Mindanao upang makahikayat na bisitahin ang magagandang tanawin ng Mindanao. Inaasahang masasagot mo ang mga tanong na ito: *Paano sinasalamin ng mga kuwentong bayan ang kultura at kaugalian ng pinagmulang bayan nito? Paano makatutulong para sa ibang Pilipino na makilala ang kaugalian at kultura ng mga mamamayan sa Mindanao? Anong kaugaliang Mindanaoan ang magkatulad sa kaugalian ng iba pang Pilipino sa bansa?*

**Gawain 1:Pagpuno  sa Grapikong Pantulong**

Sa grapikong pantulong sa ibaba, ilahad ang mga naaalala mong kuwento mula at ukol sa Zamboanga. Maaaring ang mga ito'y nakuha mo sa mga balita, narinig na kuwento mula sa ibang tao o kaya'y kamag-anak.

**Mga Kuwento mula Zambo**

- 
- 
- 

**ISUMITE**

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano nakaimpluwensya sa iyong persepsyon sa Zamboanga ang mga kuwentong inilahad mo sa grapikong pantulong?

2. Alin sa mga ito ang batid mong totoo? Bakit?

3. Paano mo higit na makikilala ang Zamboanga?

| |
|---|
| |

ISUMITE

**Gawain 2: *Anticipation-Reaction Guide***

Basahin ang mga pahayag na matatagpuan sa gitna ng *ARG* ukol sa kuwentong bayan ng Mindanao. Lagyan ng tsek (✔) sa bahagi ng kolum na nagsasabing BAGO ANG TALAKAYAN kung sumasang-ayon ka sa pahayag kaugnay ng paksa at ekis (✕) naman kung hindi ka sang-ayon. Hindi dapat sagutan sa puntong ito ang huling kolum.

| **BAGO ANG TALAKAYAN** | **PAHAYAG** | **PAGKATAPOS NG TALAKAYAN** |
|---|---|---|
| | 1. Mayaman sa karanasan at kakintalan ang mga panitikan ng Mindanao. | |
| | 2. Pulos karahasan ang itinatampok sa mga kuwentong bayan ng Mindanao dahil sa mga suliraning pangkapayapaan at pagkakaiba ng kultura't relihiyon. | |
| | 3. Mauunawaan sa pamamagitan ng pag-aaral ng panitikang Mindanaoan ang karanasan, pangarap at mithiin ng mga mamamayan sa Mindanao. | |
| | 4. Pantay ang trato sa lalake't babae sa mga akdang pampanitikan ng Mindanao. | |
| | 5. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga panitikan ng Mindanao ay higit na makikilala ng mga Pilipino ang kanilang tungkulin niya bilang mamamayan ng bansang Pilipinas. | |
| | 6. Hindi naniniwala sa mga espiritu ang mga tao sa Mindanao dahil sa lalim ng kanilang pananampalataya. | |
| | 7. Matutunghayan din sa mga sinaunang kuwentong Mindanaoan ang paniniwala sa mga supernatural na elemento. | |

SAVE

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nasukat mo ang iyong kaalaman at pananaw ukol sa Mindanao nang tugunan mo ang mga gawain sa bahaging PAGTUKLAS.Inilahad mo ang iyong mga kaalaman sa kuwento mula sa Zamboanga at inilahad mo rin ang iyong kaalaman ukol sa mga pag-uugaling Mindanaoan.

Upang higit mong makilala at makintal ang kamalayan ukol sa Mindanao sa pamamagitan ng mga akdang Mindanaoan, dumako ka sa mga kasunod na gawain.


BUMALIK SUSUNOD

## PAGLINANG

Marahil may ilang bagay pang sumagi sa iyong isipan habang kinukundisyon mo ang iyong sarili sa paglawak ng iyong pag-aaral ng panitikang Pilipino buhat sa Mindanao. Mahalagang natutukan mo ang mga gawain sa PAGTUKLAS dahil sa bahaging ito, layunin mong unawain ang mga mamamayan ng Mindanao sa pamamagitan ng pag-aaral ng kanilang mga kuwentong bayan. Mahaharap ka sa serye ng mga gawaing gagabay, magpapayaman at susubok sa iyong pag-unawa at pagpapahalaga ukol sa mga kuwentong bayan.

**Gawain 3: Katangian ng Kuwentong- Bayan**

Magsaliksik ukol sa mga kuwentong bayan bilang panitikan at salig ng pag-aaral sa kultura at kasaysayan ng isang bayan sa Pilipinas. Alamin din ang mga kilalang kuwentong bayan sa Pilipinas. Isulat sa grapikong pantulong sa ibaba ang mga nakalap na impormasyon saka bumuo ng paglalahat sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga pahayag sa dalawang kahon sa ibaba nito.




Mahalagang pag-aralan ang mga kuwentong bayan sa kasalukuyan dahil...

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Gusto kong maibahagi ang kuwentong bayan tungkol sa/kay...dahil...

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

**ISUMITE**

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Anong katangian ng kuwentong bayan ang nahinuha mong nagsasaad sa kahalagahan nito sa kultura ng isang bayan? Bakit?

2. Paano mo makikilala ang isang bayan sa Mindanao sa pamamagitan ng mga kuwentong bayan nito?

3. Bakit makabuluhan para sa mga Pilipino na alamin ang mga kuwentong bayan nito partikular sa Mindanao?

ISUMITE

**Gawain 4: Pagtapat-tapatin**

Pagtapatin ang magkasingkahulugang salita sa Hanay A at B sa pamamagitan ng pagsulat ng titik ng kahulugan sa Hanay B ng mga salita sa Hanay A.

| | |
|---|---|
| _______1. sultan | A. dalaga |
| _______2. bathala | B. relasyon |
| _______3. dayang-dayang | C. pagdiriwang o salo-salo |
| _______4. bulalas | D. kutsilyo o patalim |
| _______5. piging | E. diyos |
| _______6. nangimbulo | F. hari |
| _______7. ugnayan | G. sigaw |
| _______8. kris | H. nainggit |

ISUMITE



Pagbasa 1

Basahin at unawaing mabuti ang isang kuwentong-bayan mula sa Zamboanga.

***Manik Buangsi***
(Zamboanga)

Noon, may isang sultan na may pitong anak na dalaga. Ang bunso ang pinakamaganda sa lahat. Ang kanyang pangalan ay Tuan Putli. Nang magdalaga si Tuan Putli ay maraming dugong bughaw ang lumigaw sa kanya. Ngunit hindi niya pinansin ang mga ito, sapagkat sa kanyang panaginip nakita na niya ang lalake na kanyang iniibig. Siya si Manik Buangsi.

Datapwat si Manik Buangsi ay hindi isang pangkaraniwang tao. Siya ay isang nilalang na walang kamatayan at nakatira sa pook ng mga bathala. Sa panaginip lang niya dinadalaw si Tuan Putli.

Dumating ang araw na hindi na matiis pa ni Manik Buangsi ang kanyang pag-ibig kay Tuan Putli. Kung kaya't kinausap niya si Allah. Pumayag naman si Allah na bumaba si Manik Buangsi sa lupa.

Si Manik Buangsi ay nag-anyong isang ginintuang bayabas. Napasakamay siya ng isang matandang babaeng pulubi. Nang bigyan ni Tuan Putli ang pulubi ng limos ay ibinigay naman ng pulubi ang prutas sa kanya. "Itanim mo ito sa iyong hardin," ang bilin ng pulubi kay Tuan Putli. "Ang bungang ito ay siyang iyong kapalaran."

Itinanim ni Tuan Putli ang bunga. Tumubo agad ito at nagbunga ng marami. Pinitas nito ang pinakamalaki at pinakamagandang bunga at iyon ay dinala niya sa kanyang silid.

Sa loob ng bungang iyon ay naroon si Manik Buangsi. Sa gabi, nagmumula sa bungang iyon ang isang kakaibang liwanag. Pagkatapos, lalabas si Manik Buangsi at panonoorin ang mukha ng isang magandang dayang-dayang. Saka lamang siya bumabalik sa loob ng bunga kapag tumilaok na ang mga manok. Ngunit sa isang pagkakataon ay nakatulog si Manik Buangsi. Nang magising siya ay nakasikat na ang araw. Gayon na lamang ang pagtataka ng dalaga. "Kung gayon, isa kang katotohanan!" bulalas ni Tuan Putli.

Ngumiti si Manik Buangsi. "Oo," wika niya. "At narito ako upang pakasalan ka!"

Naganap ang kasalan nina Manik Buangsi at Tuan Putli at sa piging na iyon ay bumaba ang mga bathala mula sa kalangitan upang masaksihan ang pag-iisang dibdib ng dalawa.

Nanatili sina Manik Buangsi at Tuan Putli sa lupa. Sa kabilang dako, nangimbulo ang mga kapatid ni Tuan Putli sa kanyang magandang kapalaran. Hanggang sa maisip ng tatlong dalaga na sirain ang magandang ugnayan ng dalawa.

“Hindi ka dapat magtiwala sa asawa mo,” sabi ng isa kay Tuan Putli.

“Maaaring isa lamang siyang masamang espiritu!”

“Maganda siyang lalake,” wika naman ng isa pa. “Sigurado mo bang ikaw lang ang babaeng minamahal niya?”

“Sa tingin ko ay isa ka lamang sa mga babaeng dumaan sa buhay niya,” sabi sa kanya ng isa pa. “Paluluhain ka niya balang araw!”

Dahil sa patuloy na paninira ng kanyang mga kapatid ay tuluyan nang nalason ang kanyang isipan. Naging selosa si Tuan Putli sa kalaunan. Palagi niyang inaaway si Manik Buangsi. Ipinasiya niyang bumalik na siya sa kanyang pinagmulan. Sa kapangyarihang taglay niya ay naging isang mabikas na puting kabayo at isang kris. Nagsisi si Tuan Putli at nagmakaawang isama siya ni Manik Buangsi. Pumayag si Manik Buangsi.

Sa kanilang paglalakbay ay biglang binalot sila ng makapal na alikabok. Ang mga dahon ng mga damo sa paligid ay nagmistulang kris. Ngunit buong tapang na sinagupa ni Manik Buangsi ang lahat. Hanggang sa dumating sila sa isang mahaba at makipot na tulay. Sa ilalim ng tulay ay isang ilog na kumukulo at mula roon ay maririnig ang daing ng mga nagdurusa.

Mahigpit ang yakap ni Tuan Putli sa beywang ng asawa. “Hindi ako magdidilat ng mata,” pangako niya. “Pipikit ako!”

Nagsimula silang tumawid sa makipot na tulay, sakay sa kabayo. Ngunit hindi kaginsa-ginsa, biglang nakarinig ng tinig si Tuan Putli. Siya ang tinatawag nito. “Tuan Putli, Tuan Putli, Tuan Putli!” daing ng tinig. Ang tinig na iyon ay katulad ng kanyang yumaong ina!

Hindi na nakapigil pa si Tuan Putli. Tumingin siya sa ibaba at bigla ring hinigop siya ng isang malakas na hangin pababa.


Wala nang nagawa si Manik Buangsi. At alam niyang nawala na sa kanya nang tuluyan si Tuan Putli. Mahirap talaga para sa isang tao ang umakyat sa langit sapagkat kadalasan ay hindi siya nakikinig sa paalala.


At marami ang katulad ni Tuan Putli. Marami ang katulad niyang ayaw tumulong sa sarili.

Hinalaw sa Literatura ng iba’t ibang rehiyon sa Pilipinas nina Espina, L.D., Plasencia, N.R. at Ramos, V.R. (2009) Mindshapers Co., Inc.

**Gawain 5: Katangian ng Tauhan**

Ilarawan ang mga pangunahing tauhan sa kuwentong bayan na nabasa sa pamamagitan ng paglalagay ng mga salitang naglalarawan sa mga kahong nakapalibot sa pangalan ng mga tauhan ng kuwentong bayang *Manik Buangsi.*




ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Anong uri ng pag-uugali mayroon si Tuan Putli? Bakit?

____________________
____________________
____________________
____________________

2. Paano nakaapekto ang ugali ni Tuan Putli sa relasyon nilang dalawa ni Manik Buangsi?

____________________
____________________
____________________
____________________

3. Anong uri ng mangingibig si Manik Buangsi? Bakit?

____________________
____________________
____________________
____________________

4. Paano ipinakita ni Manik Buangsi ang katapatan ng kanyang pagmamahal para kay Tuan Putli?

____________________
____________________
____________________
____________________

5. Paano ninyo maihahalintulad ang relasyon ni Tuan Putli at Manik Buangsi sa mga relasyon sa kasalukuyan?

____________________
____________________
____________________
____________________

**ISUMITE**

**Gawain 6: Suliranin at Tunggalian**

Suriin ang suliranin at mga tunggalian ng kuwentong *Manik Buangsi*. Talakayin ang mahahalagang kaisipang natutuhan na maaaring magpabago ng iyong pananaw.

Pamagat ng Kuwentong Bayan

**Suliranin**

________________________________
________________________________
________________________________

**Tunggalian**

________________________________
________________________________
________________________________

**Kasukdulan**

________________________________
________________________________
________________________________

**Kakalasan at Wakas**

________________________________
________________________________
________________________________

**Mahahalagang kaisipang natutuhang maaaring magpabago sa aking pananaw, pakikitungo sa kapwa, at pagharap sa buhay:**

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

**ISUMITE**

**TANDAAN**

**Pahayag na Nagpapatunay**



Sa iba't ibang pagpapahayag – mapasalaysay, pangangatuwiran, paglalahad at paglalarawan – mahalagang alam nating gumamit ng mga pahayag na nagpapatunay. Ang mga pahayag na nagpapatunay ay may layuning higit na maging malinaw ang isang kaisipang inihahayag.

Kadalasa'y gumagamit ng mga pangatnig na paninsay bilang pagdaragdag ng detalye na makatutulong sa balanseng pagpapahayag ng ideya o kaisipan. Sa pamamagitan ng mga pangatnig na paninsay tulad ng ***at***, ***kaya***, ***samakatuwid***

naiuugnay ang mga parirala at sugnay na naghahayag ng patunay sa loob ng isang pangungusap.

- Sa kabilang dako, *nangimbulo ang mga kapatid ni Tuan Putli* sa kanyang magandang kapalaran. ***Hanggang sa** maisip ng tatlong dalaga na sirain ang magandang ugnayan ng dalawa.*
- *Nagsisi si Tuan Putli* ***at** **nagmakaawang isama siya ni Manik Buangsi***.

May mga pahayag na nagpapatunay na hindi naman gumamagit ng mga pang-ugnay kundi tuwirang naghahayag.

- Ang bunso ang *pinakamaganda sa lahat*. Ang kanyang pangalan ay Tuan Putli. Nang magdalaga si Tuan Putli ay ***maraming dugong bughaw ang lumigaw sa kanya***.

- Dahil sa patuloy na paninira ng kanyang mga kapatid ay *tuluyan nang nalason ang kanyang isipan*. ***Naging selosa si Tuan Putli sa kalaunan***.

**Gawain 7: Mga Patunay**

Suriin ang mga hinalaw na pahayag sa kuwentong *Manik Buangsi*. Tukuyin sa mga ito ang pangunahing kaisipan o binibigyang-linaw at saka ang mga bahagi ng pahayag na nagpapatunay. Ipaliwanag ang ugnayan ng pangunahing kaisipan at ang patunay nito.

| Pahayag | Kaisipang binibigyang-linaw | Pahayag na Nagpapatunay | Paliwanag sa Ugnayan |
|---|---|---|---|
| Dumating ang araw na hindi na matiis pa ni Manik Buangsi ang kanyang pag-ibig kay Tuan Putli. Kung kaya't kinausap niya si Allah. | | | |
| "Itanim mo ito sa iyong hardin," ang bilin ng pulubi kay Tuan Putli. "Ang bungang ito ay siyang iyong kapalaran." Sa loob ng bungang iyon ay naroon si Manik Buangsi. | | | |

ISUMITE

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Napalawak mo na ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol sa kuwentong bayan mula sa Mindanao. Sa ginawa mong pagsusuri, tinukoy mo ang kaugalian at kultura ng mga tauhan. Paano mo nakitang kapaki-pakinabang na malaman ang paniniwala ng mga mamamayan sa Mindanao? Paano mo maiuugnay sa kasalukuyan ang mga suliraning nakatagpo ng mga tauhan sa kuwentong bayan na pinag-aralan? Sasagutin mo mga tanong sa ito sa bahagi ng Pagpapalalim. Magpatuloy ka na sa mga susunod na gawain.

BUMALIK SUSUNOD

## PAGPAPALALIM

Natamo mo na sa PAGLINANG ang sapat na impormasyon upang maunawaan mo ang kabuluhan ng kuwentong bayan mula sa Mindanao. Ngayon naman, paigtingin ang hawak mong kaalaman at pag-unawa ukol sa paksa sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawaing magpapatunay sa iyong kaalaman at pag-unawa.

**Gawain 8: Kuwentong-Bayan ng Bayan Ko**

Magsaliksik ng dalawang kuwentong bayan mula sa sarili mong bayan o lalawigan. Ilahad ang pamagat nito, maikling salaysay ng buod, kulturang itinampok at mahalagang aral na maaaring matamo.

| Pamagat | Buod | Kulturang Itinampok | Mahalagang Aral |
|---|---|---|---|
| | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano-anong aspekto ng mga kuwentong bayan na iyong inalam ang nakikita mong buhay na buhay pa rin sa kasalukuyan? Bakit?

2. Paano napakikinabangan ng mga mamamayan sa kasalukuyan ang mga kuwentong bayan na mayroon kayo?


3. Paano mo nakikitang makaaambag sa pagkakakilanlan ng mga mamamayan ng inyong bayan ang pag-alam sa mga kuwentong bayan?

4. Paano magkaugnay sa *Manik Buangsi* ang mga kuwentong bayan ninyo?

ISUMITE

**Gawain 9: Mga Paniniwala Noon at Ngayon**

Tukuyin ang mga paniniwalang mayroon kayo sa iyong lugar o sa rehiyon. Kilalanin kung alin sa mga ito ang nawala na, nagbago na at nananatili pa sa kasalukuyan. Magpaliwanag kung bakit nawala, nagbago o nanatili ang mga ito.



Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano mo napananatili ang mga kulturang batid pa sa kasalukuyan?

2. Paano ka nakaimpluwensiya sa pagkawala ng mga kulturang ito?

3. Bakit kailangang paigtingin ang kulturang Pilipino?


4. Paano mabibigyang-pansin ang mga kultura ng Mindanao?

5. Bakit kailangang pahalagahan ng mga Pilipino ang kulturang Mindanaoan?

ISUMITE

**Gawain 10: Pagpapahalaga sa Pagtitiwala**

Natutuhan mong mahalaga ang pagtitiwala sa pananatili ng mabuti at magandang relasyon sa mga tao. Ilahad sa grapikong pantulong kung paano mo mapangangalagaan ang iyong mabuting relasyon sa mahahalagang tao sa iyong buhay.




ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Bakit mo nasabing ito ang magsisilbing pundasyon upang mapanatili ang mabuting relasyon sa iyong kapwa tao?

2. Paano mo masasabing may tiwala nga sa iyo ng ibang tao?

3. Paano mo mailalarawan ang ugaling Mindanaoan tungo sa pakikipagkapwa-tao?

4. Paano mo naman mailalarawan ang ugali ng iba pang Pilipino sa kanilang pakikipagkapwa-tao?

5. Paano nagkakatulad ng mga Mindanaoan at iba pang Pilipino sa bansa kung pakikipagkapwa-tao ang pag-uusapan?

6. Sino sa mga Pilipinong ang madaling magtiwala? Bakit?

7. Sino sa mga Pilipino ang hindi agad-agad nagtitiwala? Bakit?

8. Paano mo mailalarawan ang pagtitiwala ng mga Pilipino sa ating pamahalaan?

9. Paano maibabalik ng pamahalaan ang pagtitiwala ng taumbayan?

10. Bakit mahalaga ang pagtitiwala ng taumbayan at pamahalaan sa isa't isa?

**ISUMITE**

**Gawain 11: Journal Writing**

Gamitin ang iyong *online journal* sa http://www.my-diary.org/ at sumulat ng isang sanaysay na naghahayag ng ugnayang pagititiwala sa loob ng iyong pamilya. Suriin kung paano ninyo pinanatili ang pagtitiwala at kung ano-anong suliraning kaugnay ng pagtitiwala ang inyong kinaharap. Paano ninyo hinarap ang mga ito? Ipadala sa *e-mail* ng iyong guro ang *link* ng iyong dyornal.

**Gawain 12: *Anticipation-Reaction Guide***

Basahin ang mga pahayag na matatagpuan sa gitna ng *ARG* ukol sa kuwentong bayan ng Mindanao. Lagyan ng tsek ( ✔ ) sa bahagi ng kolum na nagsasabing PAGKATAPOS NG TALAKAYAN kung sumasang-ayon ka sa pahayag kaugnay ng paksa at ekis (✕) naman kung hindi ka sang-ayon.

| BAGO ANG TALAKAYAN | PAHAYAG | PAGKATAPOS NG TALAKAYAN |
|---|---|---|
| | 1. Mayaman sa karanasan at kakintalan ang mga panitikan ng Mindanao. | |
| | 2. Pulos karahasan ang itinatampok sa mga kuwentong bayan ng Mindanao dahil sa mga suliraning pangkapayapaan at pagkakaiba ng kultura't relihiyon. | |
| | 3. Mauunawaan sa pamamagitan ng pag-aaral ng panitikang Mindanaoan ang karanasan, pangarap at mithiin ng mga mamamayan sa Mindanao. | |
| | 4. Pantay ang trato sa lalaki't babae sa mga akdang pampanitikan ng Mindanao. | |
| | 5. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga panitikan ng Mindanao ay higit na makikilala ng mga Pilipino ang kanilang tungkulin niya bilang mamamayan ng bansang Pilipinas. | |
| | 6. Hindi naniniwala sa mga espiritu ang mga tao sa Mindanao dahil sa lalim ng kanilang pananampalataya. | |
| | 7. Matutunghayan din sa mga sinaunang kuwentong Mindanaoan ang paniniwala sa mga supernatural na elemento. | |

ISUMITE

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Napatunayan mong mahalaga ang natamo mong kaalaman at pag-unawa sa pagsusuri at pag-uugnay sa kuwentong bayan mula sa Mindanao at sariling mga kuwentong bayan. Sa iba't ibang gawain sa PAGPAPALALIM, may mga pag-uulit ng kaalaman at pag-unawa na iyong natamo. Nagawa mo ring isabuhay ang mga pag-unawa at kasanayang iyong natamo kaya nagawa mong ibahagi ang iyong sariling karanasan at pananaw sa iba't ibang gawain. Tumuloy ka na sa huling bahagi ng araling ito – ang PAGLILIPAT.

BUMALIK SUSUNOD

## PAGLILIPAT

Matapos mong patunayan na sinasalamin ng mga kuwentong bayan hindi lamang ang kultura at karanasan ng Mindanaoan kundi pati ng Pilipino sa kabuuan, ililipat mo ngayon ang iyong mga natutuhan at naunawaan sa pamamagitan ng pagpapatunay sa mga kakayahang natamo. Isaalang-alang sa iyong sarili ang mga kasanayan at mahahalagang pag-unawang iyong natamo sa araling ito. Simulan mo na ang  gawaing PAGLILIPAT.

**Gawain13: Sampung Kautusan sa Pagtitiwala**

Bumuo ng iyong sariling Sampung (10) Kautusan upang magkaroon ng pagtitiwala sa pagitan ng mga mamamayang Pilipino at pamahalaan nito. Gamitin ang www.prezi.com upang ilahad ang iyong mga mungkahi. Sundin mo ang ginawa moong proseso sa paggamit nito sa mga naakaraang aralin. Ipadala sa *e-mail address* ng iyong guro ang *link* nabuo mong presentasyon.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano mo nakikitang magdudulot ng mabuting epekto ang mga kautusang iyong iminumungkahi?

2. Paano sinasalamin ng iyong Sampung Kautusan ang pangangailangan nito sa lipunan?

3. Sino-sino ang dapat na maging aktibo sa pagpapatupad ng iyong Sampung Kautusan?  Bakit?

4. Paano makatutulong sa kaunlaran ng Mindanao ang Sampung Kautusan na iyong binuo?

**ISUMITE**

**Gawain 14: Lathalaing *Travelogue***



TASK

Bumuo ka na ng isang *travelogue* ukol sa isa sa mga bayan sa Zamboanga Peninsula. Gamit ang mga natutuhan sa pagsulat ng sanaysay, pagpapahayag ng sanhi at bunga at pagpapatunay, bumuo muli ng isang lathalaing *travelogue* na nagtatampok sa isa pang lugar sa lalawigan ng Zamboanga Peninsula bilang isang tunguhang panturismo. Layunin mong hikayatin ang iyong mga kababayan na pumasyal sa Zamboanga sa samu't saring dahilan. Upang higit na maging malikhain ang iyong bubuuing *travelogue,* magsanib ng mga hinalaw bahagi ng tekstong pampanitikan (tula, alamat, kuwentong bayan at iba pa) mula sa Zamboanga.

**RUBRIK SA PAGMAMARKA**

| PAMANTAYAN | Katangian (4 puntos) | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| **MASAKLAW NA NILALAMAN** | Sapat ang sakop na mga impormasyong (pangkasaysayan, kultural, pang-ekonomiya at panturismo) inilalahad kaugnay ng itinatampok na rehiyon sa Mindanao bilang tunguhing panturismo. | | | | |
| **PAGKAMALIKHAIN** | Orihinal ang pagkakasulat sa teksto dahil gumamit ng iba't ibang matatalinhaga at malikhaing pagpapahayag, mapang-akit ang panimula't wakas, at nagsanib ng mga tekstong hinalaw mula sa mga panitikan ng itinatampok na rehiyon. | | | | |
| **KAPAKI-PAKINABANG** | Praktikal para sa Mindanao ang inilahad na agendang panturismo sa itinatampok na rehiyon | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **NA AGENDA** | | | | | |
| **MABISANG PAGPAPAHAYAG** | Malinaw ang ginawang paglalahad at paglalarawan sa iba't ibang impormasyon kaugnay ng itinatampok. May kaisahan ang daloy ng mga pahayag sa kabuuan ng teksto. | | | | |
| **GAMIT ANG WIKA** | Mahusay ang pagkakasulat dahil sinusunod ang mga alintuntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) sa lahat ng pagkakataon. | | | | |

Isulat ang *travelogue* sa inilaang kahon.

**ISUMITE**

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa bahaging ito ng modyul, nagawa mong bumuo muli ng lathalaing *travelogue* na magpapayaman sa posibilidad ng turismo at kapayapaan sa Mindanao. Ngayong nakita mo na ang kaugnayan ng nilikha mong *travelogue* sa iba pang gawain na iyong tinugon. Batid mo na rin na isang paraan ng pagpapahalaga at pagpapalaganap ng pagpapahalaga sa kalikasan at pagkamamamayan ang turismo ng isang bansa.

Ngayon handa ka nang magpatuloy sa huling aralin sa modyul na ito

**BUMALIK** **SUSUNOD**

Simula ng Aralin 5

**Aralin 5** : **Panitikan**: ***Regalo*** (maikling kuwento)
**Wika**: **Mga Retorikal na Pang-ugnay**

**PAGTUKLAS**

Sisimulan mo ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga regalo. Ikinatutuwa ng marami ang makatanggap ng regalo lalo na't naibalot sa magaganda at halos palamuting kahon na may kasamang laso. Sa araling ito, bibigyan mo ng kahulugan ang konsepto ng regalo higit pa sa karaniwang pagtingin ng marami ukol dito. Kung kaya't sa unang gawain ay magbubukas ka ng regalo. Inaasahan din namang maghahandog ka ng iyong regalo para sa iba. Layunin mong masagot ang mga tanong na ito: *Anong regalo ang nais mong matanggap? Anong regalo ang ibig mong ibigay sa iba bilang paalala ng iyong kabutihan o pagpapahalaga sa kanila? Ano ang natatanging regalong maibabahagi mo sa bansa?*

**Gawain 1: Alin Ang Regalo Mo?**

Pagmasdang mabuti ang larawan sa ibaba. Sa mga regalo na nasa larawan, pumili ka ng tatlo na sa palagay mo'y naglalaman ng tatlong inaasam na matanggap na regalo. Sagutin mo pagkatapos ang mga kasunod na tanong.



http://www.google.com.ph/imgres?imgurl=http://www.jadekerrion.com/wp-content/uploads/2013/11/gifts.jpg&imgrefurl=http://www.jadekerrion.com/2013/11/28/gifts-for-the-writers-and-authors-in-your-life/&h=800&w=1200&tbnid=IxBZ90zKrGibRM:&zoom=1&docid=HmTy_KwzBFtF8M&ei=NpWuU9K8H9TaoATLxoC4Cw&tbm=isch

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Alin kaya sa mga kahong ito ang naglalaman ng tatlo sa inaasam mong regalo? Tukuyin at ilarawan ang mga kahong pinili?

2. Ano-ano ang tatlong regalong inaasam mo? Ilarawan ang kabuluhan ng bawat isa.

3. Bakit mo inaasam ang mga regalong ito?

4. Paano nakaapekto sa iyong pagpili ang mga pabalat ng regalo?

5. Anong damdamin kaya ang mamamayani sa iyo kung natanggap mo ang mga regalong ito? Bakit?

6. Paano mo pahahalagahan ang mga regalong ito sakaling makuha mo?

7. Paano kung taliwas naman sa iyong inaasahan ang laman ng mga kahong iyong pinili?

8. Anong regalo naman ang nakikita mong makabuluhang ibigay sa iyong mga kakilala? Bakit?

BUMALIK SUSUNOD

**Gawain 2: IRF Worksheet**

Tugunan ang bahaging I o *Initial* ng *IRF Worksheet* upang mailahad mo ang regalong ihahandog mo para sa Mindanao. Ipaliwanag ang kabuluhan ng iyong regalo at magbigay ng halimbawa kung paano ito mapakikinabangan ng mga taga-Mindanao.

**IRF WORKSHEET**

| **Anong regalo ang ihahandog mo sa Mindanao? Bakit?** |
| --- |
| **I**nitial Answer |
| |

| Revised Answer |
|---|
| |

| Final Answer |
|---|
| |

ISUMITE

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nailahad mo na ang iyong pananaw kaugnay ng konsepto ng regalo na gusto mong matanggap at regalong handa mong ibahagi sa iba. Ngunit tulad ng isinaad, kakaiba ang regalo na pag-uusapan sa araling ito. Upang higit mong maunawaan ang tinutukoy na regalo, dumako ka sa mga kasunod na gawain.


BUMALIK SUSUNOD

## PAGLINANG

Marahil may ilang bagay pang sumagi sa iyong isipan habang kinukundisyon mo ang iyong sarili sa pag-aaral ng panitikang Pilipino buhat sa Mindanao kaugnay ng konsepto ng regalo. Pag-aaralan mo sa puntong ito ang isang maikling kuwento na may pamagat na *Regalo*. Mahaharap ka sa serye ng mga gawaing gagabay, magpapayaman at susubok sa iyong pag-unawa at pagpapahalaga ukol sa karanasang Mindanaoan at kung paano nababago ng regalo ang karanasan at katauhan.

**Gawain 3: Natatanging Kuwetong Nabasa**

Ilahad sa grapikong pantulong sa ibaba ang dalawang natatanging maikling kuwentong nabasa mo. Maaaring ito'y maikling kuwentong Pilipino o kahit mula sa ibang bansa.




**ISUMITE**

**Gawain 4: Elemento ng Kuwento**

I-*download* sa http://meviasy.files.wordpress.com/2011/11/brochure-ng-maikling-kwento.pdf ang *brochure* ukol sa kaligirang kasaysayan at mga elemento ng maikling kuwento. Batay sa mga impormasyong inilahad sa *brochure*, sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano nakaaapekto ang katangian ng mga tauhan sa takbo ng kuwento?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Paano kinikilala ang suliranin ng isang maikling kuwento?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Paano magkaugnay ang suliranin at resolusyon sa maikling kuwento?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

4. Bakit higit na magaang basahin ang mga maikling kuwento kaysa sa ibang uri ng kuwentong tuluyan?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

ISUMITE

**Gawain 5: Mga Tanong Bago ang Pagbasa**

Bago basahin ang kuwento, punan ng tatlong tanong na pumasok sa iyong isipan ang talahanayan kaugnay ng kuwentong *Regalo* na babasahin mo pa lang.

| |
|---|
| **1Tanong Bago ang Pagbasa:** |
| **2Tanong Bago ang Pagbasa:** |
| **3Tanong Bago ang Pagbasa:** |

SAVE



Basahin at unawaing mabuti ang maikling kuwentong *Regalo* ni Valdwin Jay Dapin na matatagpuan sa *link* na nasa loob ng kahon.

**Pagbasa 2**

**http://onlinecreatives.blogspot.com/2012/02/short-story-maikling-kwento.html**




**Gawain 6: Pamagat Hanggang Aral**

Ilahad sa grapikong pantulong sa ibaba ang mahahalagang impormasyon ukol sa maikling kuwentong *Regalo*. Palitan ng iyong sagot ang mga nakasulat sa bawat kahon. Sagutin ang mga pamprosesong tanong kasunod nito.

MAHALAGANG ARAL

PANGUNAHING RESOLUSYON

KASUKDULAN

PANGUNAHING SULIRANIN

PANGUNAHING TAGPUAN

PANGUNAHING TAUHAN

PAMAGAT

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano mo maiuugnay ang pamagat ng kuwento sa mga pangyayari nito?

2. Ano ang masasabi mo sa pangunahing tauhan sa kuwento? Bakit?

3. Paano na resolba ni Valdwin ang kanyang pangunahing suliranin sa kuwento?

4. Alin sa mga tanong mo sa gawain 5 ang nasagot pagkatapos basahin ang kuwento? Ipaliwanag.

5. Paano mo naihahalintulad sa Valdwin sa mga batang nakikita mong nanlilimos, nagtitinda at iba pang uri ng trabaho sa kalsada?

6. Ano-anong suliraning panlipunan ang itinampok sa maikling kuwento? Bakit?

7. Ano-ano kaya ang posibleng dahilan ng mga suliraning panlipunang ito? Ipaliwanag.

8. Ano ang iyong opinyon ukol sa pagtatrabaho ni Valdwin? Bakit?

ISUMITE

**Gawain 7: *Timeline***

Ihanay sa pamamagitan ng isang *timeline* ang takbo ng mga pangyayari sa kuwento gamit ang http://www.readwritethink.org/files/resources/interactives/timeline_2/. Ipadala sa *e-mail* ng iyong guro sa anyong PDF ang iyong binuong *timeline*.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano nagsimula ang kuwento?

2. Paano tumugon sa ibang tauhan ang pangunahing tauhan?

3. Bakit hindi naiwasan ni Valdwin ang lalakeng tumatakbo patungo sa daan niya?

4. Paano nakatulong ang pagbangga ni Valdwin at ng lalakeng tumatakas sa suliranin ng aleng ninakawan?

5. Paano nagwakas ang kuwento?

6. Bakit gustong regaluhan ni Valdwin ang kanyang kapatid?

7. Bakit tulog ang kapatid ni Valdwin noong inabot niya ang kanyang regalo samantalang tinawag siya ng kanyang ina upang kumain?

8. Paano nagkabuhol-buhol ang takbo ng kuwento sa isa’t isa?

**ISUMITE**

**TANDAAN**



## Retorikal na Pang-ugnay

**PANG-UGNAY** – mga salitang bahagi ng wika na ang pangunahing tungkulin ay umagapay sa pag-uugnay ng konsepto o kaisipang taglay ng mga salita sa isang pahayag

1) **Pangatnig** – nag-uugnay ng dalawa o higit pang salita, sugnay, pangungusap at talata upang ipakita ang relasyon ng mga ito sa isa't isa

- pangatnig na pamukod (naghihiwalay o nagbubukod ng ideya)
  - o, ni, maging
- pangatnig na panubali (naghahayag ng di katiyakan, kung sakali lamang)
  - kung, kapag, pag, sakali, sana
- pangatnig na paninsay (sumasalungat sa naunang kaisipan)
  - ngunit, subalit, samantala
- pangatnig na pananhi (nagbibigay-paliwanag o dahilan sa isang kaisipan)
  - dahil, dahil sa/kay, sapagkat, palibhasa
- pangatnig na panlinaw (paghingi o paghayag ng paglilinaw ng kaisipan)
  - kung gayon, samakatuwid
- pangatnig na pandagdag (nagdudugtong o nagsasama ng kaisipan)
  - at, pati, saka, habang, hanggang
- pangatnig na nagsasaad bunga (naghahayag ng naging bunga o inaasahang bunga)
  - kaya, kung kaya, upang, nang sa gayon
- pangatnig na panapos (nagbubuod o nagsasara ng pahayag)
  - sa wakas, sa lahat ng ito

Masaya Jane ***at*** James.
Naglalaba si Mommy ***habang*** nagluluto si Daddy.

2) **Pang-angkop –** nag-uugnay sa panuring at salitang tinuturingan sa layong angkop ang pananalita; dalawang pang-angkop lamang mayroon sa Filipino – ang /na/ na inilalagay sa pagitan ng panuring at salitang tinuturingan kung nauna ang salitang nagtatapos sa katinig maliban sa /n/, samantalang ikinakabit naman ang /ng/ sa dulo ng panuring o tinuturingan kung nauuhan na nagtatapos sa patinig at /n/

| | | |
|---|---|---|
| mataas ***na*** puno | puno***ng*** mataas | ngipi***ng*** maputi |
| matigas ***na*** ulo | ulo***ng*** matigas | ibo***ng*** maliit |
| malala***ng*** sipon | sipo***ng*** malala | kalayaa***ng*** nawala |

3) **Pang-ukol –** nag-uugnay sa pangngalan sa iba pang salita sa pangungusap; may dalawang uri – pang-ugnay ng pangngalang panao at pangngalang hindi panao

mga pang-ukol: *ni/nina, kay/kina, laban kay/sa, ayon kay/sa, para sa/kay, alinsunod sa/kay, ukol sa/kay, tungkol sa/kay, ukol sa/kay, hinggil sa/kay, dahil sa/kay, sa/sa mga, ng/ ng mga*

Naligo kami ***sa*** ilog.
Kumain ***ng*** mangga si Joy.
Nananaliksik sila ***tungkol sa*** pagbasa.
Nagtatanong kami ***tungkol kay*** Ben.

**Gawain 8: Pagkilala sa Pang-ugnay**

Kilalanin ang uri ng pangatnig na nakasalungguhit sa pangungusap. Isulat ang uri ng pangatnig sa patlang bago ang bilang.

__________1. Idiniin ko nang maigi ang nakadikit kong mukha sa salamin upang makita nang maayos ang mga makukulay na laruan.

__________2. Mabilis akong umilag ngunit huli na nang mabangga niya ako at tumilapon kami sa daan.

__________3. Nabitawan niya ang binibitbit na maitim na bag dahil sa pagmamadali niya.

__________4. Kung hindi dahil sa iyo hinding-hindi ko makukuha ulit ang bag ko.

__________5. Inayos ko ang buhok ko't ipinagpag ang pantalon.

__________6. Sagot ko kay Inay habang tinutungo aking kwarto kung saan mahimbing na natutulog si Jun-Jun.

ISUMITE

**Gawain 9: *IRF Worksheet***

Tugunan ang bahaging R o *Revised* ng *IRF Worksheet* upang mailarawan mo at mapangatuwiranan ang uri ng bayaning kailangan ng Pilipinas sa kasalukuyan. Maaaring magbago ng iyong sagot. Magbigay ng mga halimbawa sa iyong paliwanag.

## IRF WORKSHEET

| Anong regalo ang ihahandog mo sa Mindanao? Bakit? |
|---|
| **I**nitial Answer |
| |
| **R**evised Answer |
| |
| **F**inal Answer |
| |

SAVE

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Napalawak mo na ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol sa maikling kuwentong *Regalo.* Marahil batid mo na kung ano ang itinutukoy na regalo sa kuwento. Sa iyong pagsusuri sa kuwento, nagawa mong maiugnay ang ilan sa mga kaisipan sa kuwento sa mga totoong karanasan ng tao sa lipunan. Sinasalamin nga ng akda mula sa Mindanao hindi lamang ang karanasan, pangarap, pag-iisip at damdamin, kaligiran at kultura ng mamamayan Mindanao kundi maiuugnay rin ang mga ito sa kasalukuyang lipunang Pilipino.

BUMALIK SUSUNOD

## PAGPAPALALIM

Natamo mo na sa bahaging PAGLINANG ang sapat na impormasyon at kasanayan upang maunawaan mo ang kabuluhan ng pag-aaral ng mga akda mula sa Mindanao. Ngayon naman, paigtingin ang hawak mo ng kaalaman at pag-unawa ukol sa paksa sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawaing magpapatunay sa iyong kaalaman at pag-unawa.

**Gawain 10: Istatistika**

Magsaliksik ukol sa estado ng kahirapan sa Mindanao. Alamin din ang karanasan ng kabataang nasasangkot sa *child labor* bunga ng kahirapan sa kanilang pook. Gamit ang *Microsoft Powepoint*, bumuo ng isang *powerpoint presentation* na may 10-15 *slides* na naglalahad sa istatistikal na impormasyon ukol sa suliranin ng kahirapan at *child labor* sa Mindanao. Gumamit ng iba't ibang biswal gaya ng larawan, talahanayan at *graph.* Ilahad sa huling *slide* ang mga pinagkunan ng impormasyon. Pangalanan ang iyong *file* bilang MinStat_ApelyidoPangalan at saka i-*upload.*

| **Upload MinStat** | |
|---|---|

**ISUMITE**

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang masasabi mo sa estado ng kahirapan sa Mindanao? Bakit?

| |
|---|
| |

2. Paano nakakaapekto sa kabataan ang kahirapan sa Mindanao?

| |
|---|
| |

3. Bakit may malalang kahirapan sa iilang bahagi ng Mindanao?

4. Bakit sa Mindanao matatagpuan ang karamihan ng pinakamahihirap na probinsya sa bansa?

5. Ano-ano ang mga hakbang na dapat isagawa ng pamahalaan upang matugunan ang suliranin ng kahirapan sa Mindanao? Bakit?

6. Paano mo nakikitang nakaaapekto ka sa kahirapan sa Mindanao?

7. Paano nakaaapekto sa kapayaan sa Mindanao ang kahirapan?

8. Bakit kailangang makialam ang mga Pilipino sa usapang pangkapayaapan sa Mindanao?

**ISUMITE**

**Gawain 11: Pagsusuri ng *Video* Ukol sa *Peace Agreement***

Suriin ang mga sumusunod na *video* kaugnay ng pirmahan sa pagitan ng pamahalaan ng Republika ng Pilipinas at mga pangkat na bumubuo sa Bangsamoro *entity*. Ilahad sa kasunod na kahon kung paano binibiyang-tuon ang usaping pangkapayapaan sa Pilipinas partikular sa Mindanao.

Milestones in the GRP-MILF Peace Negotiations under Aquino Administration
http://www.youtube.com/watch?v=E4fAReaQF0c

↓

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
______________________________

GRP-MILF Sign Historic Final Peace Pact (Rappler)

http://www.youtube.com/watch?v=umPrnq96FNU

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Sino-sino ang sangkot sa *Peace Framework Agreement*?

2. Ano ang nilalaman ng *Peace Framework Agreement*?

3. Paano mababago ng *Peace Framework Agreement* ang pamamalakad at pamumuhay sa Mindanao at iba pang panig ng bansa?

4. Ano-ano ang mga kasunod na hakbang ng *Peace Framework Agreement*?

5. Sa palagay mo ba ito na ang tugon sa mahabang suliranin ng hidwaan sa Mindanao? Bakit?

6. Paano makaaambag ang mga Pilipino kahit na hindi taga-Mindanao sa pag-usbong ng kapayapaan sa Mindanao at sa bansa sa kabuuan?

7. Paano makasasangkot ang iba pang mamamayan sa Mindanao na hindi sakop ng Bangsamoro upang maging matagumpay ang *Peace Framework Agreement?*

**ISUMITE**

**Gawain 12: Bentahe-Disbentahe**

Malaki ang naiaambag ng turismo sa ekonomiya at pamumuhay ng maraming Pilipino. Batid ang maraming bentahe (advantage) at sa parehong pagkakataon ay hindi maiiwasan ang mga disbentahe (disadvantage). Sa pamamagitan ng talahanayan sa ibaba, tumukoy ng tatlong bentahe para sa kabataan sa Mindanao sakaling maisakatuparan ang mga programang panturismo sa pulo. Tumukoy naman ng tatlong disbentahe at ilahad ang iyong sariling opinyon kung paano maiiwasan ang mga disbentaheng natukoy.

| BENTAHE | DISBENTAHE | PAANO MAIWASAN ANG DISBENTAHE? |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

ISUMITE

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Sa mga tinukoy mong bentahe ng programang panturismo sa Mindanao, paano mo ito nakikitang higit na mapakikinabangan ng mga taga-Mindanao?

2. Bakit mo nasabing taglay ng turismo ang mga disbentaheng iyong natukoy?

3. Ano ang papel na dapat gampanan ng pambansang pamahalaan at lokal na pamahalaan upang matiyak ang maayos na pagtupad sa mga programang panturismo sa bansa partikular sa Mindanao? Bakit?

4. Anong aspekto ng kaugaliang Pilipino ang dapat mawasto nang maging matagumpay ang mga programang panturismo? Bakit?

| |
|---|
| |

5. Paano kaya higit na mauunawaan ng kabataan ang kanilang papel sa kaunlaran ng bansa sa pamamagitan ng matuwid na programang panturismo?

| |
|---|
| |

ISUMITE

**Gawain 13:** ***IRF Worksheet***

Tugunan ang bahaging F o *Final* ng *IRF Worksheet* upang mailarawan mo at mapangatuwiranan ang uri ng bayaning kailangan ng Pilipinas sa kasalukuyan. Maaaring magbago ng iyong sagot. Magbigay ng mga halimbawa sa iyong paliwanag.

## IRF WORKSHEET

| **Anong regalo ang ihahandog mo sa Mindanao? Bakit?** |
|---|
| **I**nitial Answer |
| |
| **R**evised Answer |
| |

**Final Answer**

SAVE

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Napatunayan mong mahalaga ang natamo mong kaalaman at pag-unawa sa pagsusuri at pag-uugnay sa mga akda mula sa Mindanao. Sa iba't ibang gawain sa PAGPAPALALIM, may mga pag-uulit ng kaalaman at pag-unawa ang iyong natamo. Nagawa mo ring isabuhay ang mga pag-unawa at kasanayang iyong natamo kaya nagawa mong kilatisin ang *Peace Framework Agreement* na naglalayong bumuo ng isang Bangsamoro sa Mindanao. Nakilala mo rin ang iyong sarili bilang isang kalahok sa nasabing usapin at nasukat mo rin ang pagtiyak sa higit na matagumpay na pagsasakatuparan ng mga programa ng pamahalaan. Tumuloy ka na sa huling bahagi ng modyul na ito – ang PAGLILIPAT.


BUMALIK SUSUNOD

## PAGLILIPAT

Matapos mong patunayan na sinasalamin nga ng mga akdang pampanitikan mula sa Mindanao ang karanasan, kultura at buhay ng mga mamamayan sa iba't ibang rehiyon sa pulo, ililipat mo ngayon ang iyong mga natutuhan at naunawaan sa pamamagitan ng pagpapatunay sa mga kakayahang natamo. Isaalang-alang sa iyong sarili ang mga kasanayan at mahahalagang pag-unawang iyong natamo sa lahat ng aralin sa modyul na ito. Isasakatuparan mo sa bahaging ito ang inaasahang pagganap para sa markahang ito. Simulan mo na.

BUMALIK SUSUNOD

**Gawain 14: Dayaw sa Mindanao**




Gamitin ang mga mga natutuhan mo sa limang aralin ukol sa panitikan ng Mindanao, lumikha ng sulating panturismo na alinsunod sa *performance task* sa ibaba.

**Dayaw sa Mindanao**

Malaki ang naiaambag ng turismo sa ekonomiya ng Pilipinas dahil sa maraming magaganda at nakapang-aakit na tanawin at gawain. Ngunit dahil sa mga suliranin ng seguridad at kapayapaan, partikular sa Mindanao na may maraming destinasyong panturismo, nasisira ang loob ng maraming lokal at banyagang turista na piliin ang Pilipinas lalo na ang mga pook sa Mindanao bilang pasyalan at bakasyunan. Batid ng Kagawaran ng Turismo ng iyong bayan/lalawigan ang suliraning ito ngunit matatag sila sa paniniwala sa potensyal ng turismo sa Mindanao at ang maiaambag nito sa kaunlaran ng iyong lungsod at ng bansa sa pangkalahatan. Nais makipag-ugnayan sa DOT sa kabataang tulad mo upang matulungan silang maisakatuparan ang kanilang hangaring paigtingin ang turismo sa pulo; kaya nagtaguyod sila ng programang *Dayaw sa Mindanao.* Ikaw ang piniling *youth tourism resource person* para sa nasabing programa at dapat kang magsumite ng iba't ibang sulating panturismo na nagtatampok sa kahalagahang pangkasaysayan, kultural, pang-ekonomiya at panturismo ng isa sa mga probinsya sa Mindanao. Pipiliin ang panukalang proyekto alinsunod sa mga pamantayang ito: masaklaw na nilalaman, kapaki-pakinabang na *agenda*, mabisang pagpapahayag, pagkamalikhain, at gamit ng wika. I-*upload* ang iyong mga sulatin sa alinmang *social networking site* o *blogging site* na iyong ibigin. Ipadala ang mga link sa iyong guro at i-*post* din sa *dashboard.*

**ANALITIKAL NA RUBRIK**

| PAMANTAYAN | KAPUGAY-PUGAY 4 | MAHUSAY 3 | UMUUNLAD 2 | NAGSISIMULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| **MASAKLAW NA NILALAMAN** | Kumprehensibo, napapanahon at makabuluhan ang mga inilahad na impormasyon pangkasaysayan, kultural, pang-ekonomiya at panturismo ng itinatampok na rehiyon sa Mindanao sapagkat mababatid na higit pa sa tunguhing | Sapat ang sakop na mga impormasyong (pangkasaysayan, kultural, pang-ekonomiya at panturismo) inilalahad kaugnay ng itinatampok na rehiyon sa Mindanao bilang tunguhing panturismo. | Limitado ang mga impormasyong (pangkasaysayan, kultural, pang-ekonomiya at panturismo) inilalahad kaugnay ng itinatampok na rehiyon sa Mindanao bilang tunguhing panturismo ngunit makatutulong kung daragdagan pa ang mga detalye nang sa | Kulang ang mga impormasyong (pangkasaysayan, kultural, pang-ekonomiya at panturismo) inilahad kaugnay ng itinatampok na rehiyon sa Mindanao bilang tunguhing panturismo ngunit hindi sapat ang mga inilahad upang matamo ng |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | panturismo ang rehiyon kundi susi ng kaunlaran ng bansa. | | gayo'y higit na maunawaan ng mambabasa. | mambabasa ang sapat na pag-unawa sa rehiyon. |
| **PAGKAMALIKHAIN** | Orihinal at kakaiba ang pagkakagawa sa teksto dahil sa husay ng paggamit ng iba't ibang matatalinhagang pahayag, at maanyong paglalahad at paglalarawan. Kapugay-pugay rin ang ginawang pagsanib ng mga tekstong hinalaw mula sa rehiyon dahil natural ang daloy ng mga ito sa teksto. | Orihinal ang pagkakasulat sa teksto dahil gumamit ng iba't ibang matatalinhaga at malikhaing pagpapahayag, mapang-akit ang panimula't wakas, at nagsanib ng mga tekstong hinalaw mula sa mga panitikan ng itinatampok na rehiyon. | Gumamit ng iilang matalinhaga at malikhaing pagpapahayag at nagsanib din ng mga hinalaw na teksto mula sa mga akda ng itinatampok ng rehiyon. Ngunit mapapansing maraming bahagi ng sulatin ang hiniram o hinalaw lamang mula sa iba pang mga teksto. | Ang kabuuan ng sulatin ay hinalaw o kinopya lamang sa iba pang teksto. |
| **KAPAKI-PAKINABANG NA AGENDA** | Makabuluhan at praktikal para sa lahat ang mga inimumungkahing idealismo sapagkat pangmatagalan ito sa kamalayan ng madla. | Praktikal para sa Mindanao ang inilahad na agendang panturismo sa itinatampok na rehiyon | May iilan sa mga inilahad na agendang panturismo para sa itinatampok na rehiyon ang mahirap na isakatuparan. | May mga agendang inilahad ngunit hindi praktikal at hindi rin makatuturan ang mga inimumungkahing kaisipan ng mga ito kaugnay ng programang panturismo ng rehiyong itinatampok. |
| **MABISANG PAGPAPAHAYAG** | Natatangi ang paraan ng pagpapahayag sa teksto dahil litaw na litaw ang kaisipang ipinababatid at gumamit pa ng iba't ibang estilo sa pagpapahayag. | Malinaw ang ginawang paglalahad at paglalarawan sa iba't ibang impormasyon kaugnay ng itinatampok. May kaisahan ang daloy ng mga pahayag sa kabuuan ng teksto. | Mauunawaan ang mga kaisipang ipinababatid sa teksto ngunit kakikitaan ng kakulangan sa kaisahan at pagkakaugnay-ugnay ng mga pangungusap at talataan sa isa't isa. | Nakapaglahad ng mga kaisipan subalit may kalabuan sa paraan ng pagpapahayag dahil may mga inihayag na walang kaugnayan sa tema. |
| **GAMIT NG WIKA** | Lubusan at kakaiba ang pagtupad sa mga alituntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) | Mahusay ang pagkakasulat dahil sinusunod ang mga alintuntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, | Natupad ang mga alituntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) sa maraming | Mauunawaan ang mga nabuong mga pangungusap ngunit nababatid na may makabuluhang kakulangan sa pagbabaybay, |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ganoon din sa paggamit ng matatalinhangang pagpapahayag. | pangungusap) sa lahat ng pagkakataon. | pagkakataon. May mga maling gamit ng bantas at hindi angkop ang gamit ng salita sa iilang pangungusap. | pagbabantas, paggamit ng salita at pagbuo ng pangungusap sa malaking bahagi ng teksto. |

Isulat o ilagay sa loob ng kahon ang link nang ginawang sulating panturismo.

ISUMITE

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Isang masayang pagbati sa iyong pagtatapos sa modyul na ito. Kung magbabalik-tanaw ka sa iyong karanasan sa modyul na ito, sinimulan mo ito sa pamamagitan ng pagsuri ng isang pabula mula sa Mindanao at nagwakas sa pagbuo ng sarili mong mga sulating panturismo para sa Mindanao. Paulit-ulit ding naitatanong ang kahalagahan ng pag-alam ng mga Pilipino sa mga panitikan ng Mindanao kaugnay ng iyong pagka-Pilipino at tungkulin tungo sa kaunlaran ng Mindanao.

Bilang pagtatapos, pagnilayan ang tanong na ito: *Paano mo higit na nakilala ang iyong sarili bilang Pilipino sa pamamagitan ng mga akda mula sa Mindanao?*

BUMALIK SUSUNOD

**PANGHULING PAGTATAYA**

Ito na ang pagkakataong mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor kapag natapos mong sagutan ang pagsusulit. Kung ikaw ay nakapasa, maaari ka nang tumungo sa kasunod na modyul at kung hindi, kailangan mo uling balikan ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

**SIMULA**

Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik na kumakatawan sa pinakaangkop na sagot.

1. Ipinatawag ni Haring Indarapatra ang kanyang kapatid ni si Prinsipe Sulayman upang dayuhin ang mga bayang pinipinsala ng mga halinaw. Paano sinasalamin sa epikong *Indarapatra at Sulayman* ang kaugaliang Mindanao?

   a. Inilalantad nito na marahas ang mga mamamayan sa Mindanao.
   b. Itinampok sa epiko ang kasanayan ng mga taga-Mindanao sa pakikidigma.
   c. Kinatatakutan ang Mindanao dahil maraming halimaw na kumakain ng tao.
   d. Pinamamahayan ng maraming halimaw sa Mindanao noong unang panahon.

2. Inalog ko ang baryang matagal nang nakaimbak sa bulsa ng aking kupas na pantalon habang nakadikit ang aking mukha sa salamin sa labas ng tindahan ng mga laruan. Sumimangot ang aking mukha nang makita ang nakatayong karatula ng presyo. Inalog ko ulit ang aking bulsa, kinapa ang kakaunting barya sa isang araw kong pagtitinda at paglalako ng dyaryo at sampagita malapit sa simbahan. Nakabenta ako ng marami ngayong araw na ito. Subalit ang hilaw na tunog ng baryang inalog ko ay hindi yata kakasya sa singkuwenta pesos na nakasulat sa karatula ng mga laruang kanina ko pa minamasdan.

   Anong bahagi at elemento ng kuwento ang binibigyang-tuon sa talata sa itaas?
   a. simula-suliranin
   b. kasukdulan-tauhan
   c. wakas-resolusyon
   d. simula-tauhan

3. Anong uri ng pangungusap na walang tiyak na paksa ang pahayag na ito, “May bahaghari.”?

   a. penomenal
   b. eksistensyal
   c. pormularyong panlipunan
   d. sambitla

4. Anong suliranin sa pag-uugali ng mga tauhang naghayag sa kuwentong bayang ‘Manik Buangsi’ ang namamayani?

   “Hindi ka dapat magtiwala sa asawa mo,” sabi ng isa kay Tuan Putli. “Maaaring isa lamang siyang espiritu!”
   a. inggit
   b. malasakit
   c. takot
   d. nalilito

5. Ano ang mahalagang kaisipan ng pahayag ni Arkat a Lawanen sa ibaba?

   “Hay matatabak ang mga kalalakihan. Hindi nila siumasang-ayon sa ating mga kababaihan kung ano ang gusto natin sa kanilang buhay. Kung nagugustuhan ba natin ang ginagawa nila. Para bang palamuti na lang tayo sa kahariang ito.”
   a. May kalayaan ang kalalakihan samantalang wala ang kababaihan.
   b. Dapat mabatid ng kakalakihan ang pananaw ng kababaihan ukol sa digmaan.
   c. Palamuti lamang sa kaharian ang kababaihan kaya’t hindi sila maaaring makialam sa pamamahala.
   d. Kalalakihan ang nagpapatakbo sa lipunan.

6. Ano ang katangian ng ahas sa kanyang pahayag na: “Tinalo mo ako, kaibigan! Paanong nangyari iyon?” tanong ng ahas sa pagong.

   a. mapagduda
   b. mapagkumbaba
   c. mayabang
   d. mandarambong

7. Alin sa sumusunod ang lohikal na takbo ng mga pangyayari ng maikling kuwentong *Regalo* ?

   1. Masaya si Valdwin dahil nabili niya ang laruang ibig niya para sa kapatid na nagdiriwang ng kaarawan nito.
   2. Nakabangga niya ang isang lalakeng tumatakas sa pulis at pinagnakawang ale.
   3. Nadismaya lamang si Valdwin sa tinitingnan niyang laruan dahil kulang ang perang pambili nito.

4. Binigyan ng pera ng ale si Valdwin bilang pasasalamat dahil nasauli ang bag nito.
   a. 1-2-3-4
   b. 4-1-3-2
   c. 3-2-4-1
   d. 2-1-4-3

8. Ano ang sinasagisag ng sinturon sa pabulang Lalapindagowa-i: *Kung Bakit Maliit ang Baywang ng Putakte* ? Suriin ang pahayag sa ibaba:

   Gutom na gutom na siya kaya hinigpitan niya ang kanyang sinturon.
   a. galit
   b. kayamanan
   c. pagtitiis
   d. kasipagan

9. Papaano magiging makabuluhan sa kabataang Pilipino na pag-aralan ang mga panitikan mula sa Mindanao kaugnay ng pag-unawa sa mga Mindanaoan?

   a. Upang maging ganap ang pagtalakay sa mga panitikan ng Pilipinas
   b. Upang mabatid nilang tama ang kanilang persepsyon sa mga taga-Mindanao
   c. Upang dumami ang mga panitikang Mindanao na malalathala sa kasalukuyan
   d. Upang matutuhan nila ang ugat ng mga pag-uugali ng mga tao sa Mindanao

10. Bakit mahalagang maunawaan ng mga Pilipino ang buhay at kultura ng mga mamamayan sa Mindanao?

    a. Nang sa gayon ay mabatid nila ang epekto ng digmaan sa Mindanao
    b. Nang makilala nila ang magagandang tanawin sa Mindanao
    c. Nang masuri nila ang pamamahala ng gobyerno sa Mindanao
    d. Nang maunawaan nila ang mga kababayan sa Mindanao

11. Paano makabuluhan ang papel sa panitikan ng Mindanao ang kababaihan kaugnay ng mga nagaganap na digmaan?

    a. Hindi nabibigyang-tuon ng kababaihan dahil pulos lalake ang namamagitan sa iba't ibang usapin sa Mindanao.
    b. Inilalahad nila ang uri ng pamumuhay mayroon sa Mindanao.
    c. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng kababaihan sa usapin ng kapayapaan sa Mindanao.
    d. Sila ang nagiging biktima ng digmaan at hidwaan.

12. Ano ang dapat mabatid ng mga Pilipino sa kanilang sarili kaugnay ng mga suliranin sa Mindanao?

    a. Makilala nila ang kanilang sarili bilang salik ng pag-unlad ng Mindanao.

b. Mapapayayaman ang kanilang kaalaman ukol sa Mindanao.
c. Matutuhan nila ang iba't ibang kultura ng Mindanao.
d. Nakaaapekto ang Mindanao sa turismo at ekonomiiya ng bansa.

13. Paano inilarawan sa mga panitikang Mindanao ang suliraning pangkapayapaan?

    a. Marami itong magagandang tanawin na maaaring pasyalan.
    b. May iba't ibang kultura ang mamamayan dito.
    c. Pangkaraniwan ang digmaan sa lahat ng bahagi ng Mindanao.
    d. Bunga ng mga pangyayari sa kasaysayan ang kasalukuyang hidwaan sa Mindanao.

14. Nagkakasundo at nagkakaisa ang mga mamamayan sa Mindanao. Paano ito nailahad sa mga akdang Mindanao?

    a. Inilalahad ang magandang ugnayan ng mga tao sa akda.
    b. Inilalarawan ang pangarap ng isang tao na magtagumpay.
    c. Itinatampok sa mga akda ang kultura ng mga tribo.
    d. May iba't ibang paniniwala't wika ang Mindanao.

15. Alin sa mga sumusunod ang unang hakbang na dapat gawin upang makasulat ng higit malamang sanaysay batay sa senaryo sa ibaba?

    **Senaryo:** Ginugunita ang araw ng kapanganakan at araw ng kamatayan ni Dr. Jose P. Rizal. Dahil dito, naglunsad ng *online* na patimpalak ang Jose Rizal State University. Pinili ka ng iyong paaralan upang maging kinatawan nito sa patimpalak sa pagsulat ng bayograpikal na sanaysay ukol sa pananatili ni Dr. Jose P. Rizal sa Mindanao.

    a. Magbasa at sumuri ng mga akdang sinulat ni Rizal.
    b. Magsaliksik ng mga *online blog* ukol sa magagandang tanawin sa Mindanao.
    c. Mangalap ng mga impormasyon ukol sa naging buhay ni Rizal sa Dapitan.
    d. Kapanayamin ang mga guro sa kasaysayan ukol sa kanilang persepsyon kay Rizal.

16. Ano ang higit na makatutulong sa pagtamo ng mambabasa ukol sa mga tunguhing panturismo sa Mindanao kung ang babasahin ay isang sulatin?

    a. Gumamit ng matatalinghagang pagpapahayag.
    b. Naglalahad ng impormasyong may sapat na sakop na nilalaman.
    c. Nakapaglalahad ito ng maraming impormasyon.
    d. Nasusulat sa malikhaing paraan ang simula at wakas ng sanaysay.

17. Alin sa sumusunod na paraan makatutulong upang makintal sa mga susunod na henerasyon ang kagandahan at kahalagahan ng kultura at buhay ng mga Pilipino sa Mindanao?

a. Ipasa ito bilang isang buhay na tradisyon.
b. Isulat ang mga ito bilang pagdodokumento.
c. Manaliksik ukol sa kakintalan ng lahi.
d. Pagbisita sa mga museo at kultural na *heritage sites.*

18. Ano ang dapat mong isaalang-alang upang maging matagumpay ang iyong gawa para sa isang *online* na patimpalak sa pagsulat ng sariling akdang pampanitikan?

    a. Isakatuparan ang pagiging malaya sa lahat ng pagkakataon.
    b. Magbasa ng ibang panitikan para maging huwaran.
    c. Maging malikhain sa iyong pagsusulat.
    d. Unawain at tuparin ang mga panuntunan at pamantayan sa paghusga.

19. Anong kasanayan sa pagsulat ang dapat taglayin ng isang manunulat upang mapabatid niya sa kanyang mga mambabasa ang kaisipang kanyang inihahayag?

    a. Dapat malikhain ang pagkasulat.
    b. Gumagamit ng matatalinghagang pagpapahayag.
    c. May sapat na kakayahang pangwika ang manunulat.
    d. Tumutugon sa tema o paksa ng panitikan.

20. Nagkaroon ka ng isang masaya at natatanging karanasan sa iyong pagpasyal sa isa sa mga pook sa Mindanao. Batid mong may alinlangan ang marami na dumalo rito dahil sa samu't saring impresyon sa pulo. Paano mo higit na mahihikayat na mamasyal sa Mindanao ang maraming tao nang mamalas nila ang kagandahan at pag-unlad ng mga bayan sa Mindanao?

    a. Bumuo ng *online travelogue* ukol sa sarilling karanasan sa pagbisita sa Mindanao.
    b. Gumawa ng mga sulating naglalarawan sa isang lungsod sa Mindanao.
    c. Lumikha ng *scrapbook* ng mga larawan ng papasyalan sa isang lungsod sa Mindanao.
    d. Magkuwento sa mga kaibigan ng magagandang tanawing napasyalan sa Mindanao.

ISUMITE

BUMALIK SUSUNOD

## GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL

**Dayang-dayang** - Terminong Tausug na nangangahulugang dalaga.

**Dula**. Tumutukoy sa dulang pantanghalan na nagtatampok ng kakintalan ng tao sa pamamagitan ng panggagaya sa totoong buhay.

**Epiko**. Tulang tradisyunal na pasalaysay na pasalindila; nagsasalaysay ukol sa pakikipagsapalaran ng isang kinikilalang bayani sa panitikan ng isang pangkat; may halong kababalaghan at mitolohiya.

**Kuwentong Bayan**. Isang uri ng kuwentong dati'y pasalindila ngunit ang iilan ay naidokumento; taglay nito ang paniniwala at kaugalian ng mga sinaunang mamamayan ng bayang pinagmulan nito.

**Maikling Kuwento**. Isang karaniwan ngunit malikhaing pagsasalayay ng isang makabuluhang karanasan ng tao.

**Mindanao**. Isang malaking isla sa timog ng Pilipinas; binubuo ng mga pamayanan at bayan na may iba't ibang tribo, relihiyon at wika; malaking bahagi nito ay sakop ng teritoryo ng Muslim sa Mindanao.

**Pabula**. Isang uri ng kuwentong bayan na nagtatampok ng hayop o iba pang hindi taong likha upang ipakilala ang kalakasan at kahinaan ng tao sa isang tiyak na karanasan.

**Sanaysay**. Sulating may layuning maglahad, maglarawan, mangatuwiran upang makahiyat ng mambabasa.

**Sultan**. Terminong mula sa mga wikain sa Mindanao na pantawag sa lalakeng pinuno.

**Talinhaga**. Mga pahayag na may malalim at di literal na kahulugan.

## MGA TALASANGGUNIANG GINAMIT SA MODYUL


**Mga Aklat:**

Alfonso, Santiago S at Tiangco, Norma G (2003). *Makabagong balarilang Filipino*. Lungsod ng Quezon:Rex Book Store, Inc.

De Castro, Imelda P et al (2007). *Filipino I: Wikang Filipino sa akademikong komunikasyon*. Lungsod ng Valenzuela:Mutya Publishing House, Inc.

Casanova, A.P. (2011). *Klasrum Drama: Mga anyo ng dulaan para sa paaralan.*Lungsod ng Mandaluyong: *Anvil Publishing, Inc.*

Espina, L.D., Plasencia, N.R. at Ramos, V.R. (2009). *Literatura ng iba't ibang rehiyon sa Pilipinas*. *Mindshapers Co., Inc.*

**MGA WEBSITE**

Indarapatra at Sulayman (Bartolome del Valle) http://www.bse.ph/download/BSE%20site_/BSE%20WEBSITE%202010/2010SEC/Fil/Epiko%20INDARAPATRA.pdf, Retreived 25 May 2014

Elemento ng Maikling Kuwento http://meviasy.files.wordpress.com/2011/11/brochure-ng-maikling-kwento.pdf, Retreived 10 June 2014

Regalo (Valdwin Jay Dapin) http://onlinecreatives.blogspot.com/2012/02/short-story-maikling-kwento.html, Retreived 26 June 2014

Arkat a Lawanen

Part 1 http://www.youtube.com/watch?v=y2kWaeDzE70, Retreived 10June 2014
Part 2 http://www.youtube.com/watch?v=H9Ej0qDmexU, Retreived 10June 2014
Part 3 http://www.youtube.com/watch?v=ngwgaLF9WtE, Retreived 10June 2014
Part 4 http://www.youtube.com/watch?v=bRFjfe3cPWg, Retreived 10June 2014
Part 5 http://www.youtube.com/watch?v=hrCK7sv2eAc, Retreived 10June 2014
Part 6 http://www.youtube.com/watch?v=KJvb13SZ7ns, Retreived 10June 2014
Part 7 http://www.youtube.com/watch?v=4ZPvLsbMTVg, Retreived 10June 2014
Part 8 http://www.youtube.com/watch?v=td3uIOLHr5U, Retreived 10June 2014
Part 9 http://www.youtube.com/watch?v=4LiQFfRMTHY, Retreived 10June 2014

Bagong Buwan Trailer http://www.youtube.com/watch?v=v0Gj84B47kM, Retreived 13June 2014

Efren Peñaflorida CNN Hero http://www.youtube.com/watch?v=oBTb5iAFLrE, Retreived 13June 2014

Indarapatra at Sulayman http://www.youtube.com/watch?v=ySW32bhEhrg, Retreived 20June 2014

GRP-MILF Sign Historic Final Peace Pact
http://www.youtube.com/watch?v=umPrnq96FNU Retreived 12June 2014

Milestones in the GRP-MILF Peace Negotiations under Aquino Administration
http://www.youtube.com/watch?v=E4fAReaQF0c Retreived 12June 2014

Singkil http://www.youtube.com/watch?v=_qG0bjUxWAk Retreived 13June 2014

**MGA LARAWAN**

Gifts http://www.google.com.ph/imgres?imgurl=http://www.jadekerrion.com/wp-content/uploads/2013/11/gifts.jpg&imgrefurl=http://www.jadekerrion.com/2013/11/28/gifts-for-the-writers-and-authors-in-your-life/&h=800&w=1200&tbnid=IxBZ90zKrGibRM:&zoom=1&docid=HmTy_KwzBFtF8M&ei=NpWuU9K8H9TaoATLxoC4Cw&tbm=isch Retreived 01July 2014

**Online Tools: Graphic Organizer/Web 2.0**

- Creately http://creately.com/Draw-Venn-Diagrams-Online
- MyDiary http://www.my-diary.org/
- BubbleUS https://bubbl.us/
- Jimdo www.jimdo.com
- Prezi www.prezi.com
- Character Scrapbook http://teacher.scholastic.com/activities/scrapbook/
- Text2Mindmap http://www.text2mindmap.com

ReadWriteThink http://www.readwritethink.org/files/resources/interactives/timeline_2/